


MGA TANONG AT MGA SAGOT

 Magandang gabi, mga kaibigan, kay inam na makaparito ngayong gabi. At ako . . . 'yun pong paraan kung papaanong dumating itong lahat sa akin, ay dahil ako . . . iniisip ko kaninang umaga ang aking kapatid, at talagang alam ko naman kung ano ang ibig sabihin ng dalawang gawain sa isang araw.

² At ako'y—ako'y nagkaroon ng kaunting *ssst* sa lalamunan ko. Malimit kasi akong nangangaral. At pagkatapos pagdating ko sa siyudad, sa lambak dito, 'yung maliit na ngalangala ko rito sa likod dahil sa kung anong klaseng . . . ito, tinatawag nila itong . . . Itong klima rito sa lambak, talagang pinatatagal nito 'yung grabeng pamamaga na sadyang kinakailangan kong lumunok nang lumunok lagi habang narito ako sa kapatagan. At kapag umalis ako, nang ilang araw, haya't nawawala ito. Sa pagbalik ko, bumabalik na naman itong muli.

³ At medyo inaalala ko si Kapatid na Neville, yamang nalalaman ko na—na kami'y marahil nakakalayo-layo na nang kaunti sa daan kaysa sa ilan sa inyo na mga kabataan pa, at kaya nakatingin kami sa kabilang direksyon. Kaya para bang may pag-aalala kami sa isa't isa, at lalo pa 'yun ngayon na paparating na ang mga araw, papalapit na ang mga araw na masama. At ang malaman na aalis na naman kami, kaagad, loobin ng Panginoon.

⁴ At naisip ko, alam n'yo, pupunta rito si Kapatid na Boze sa susunod na Linggo ng gabi, sa paniwala ko. Aking . . . Nabalitaan n'yo ba 'yun? Siyanga, at sa susunod na Linggo ng gabi. Mayroon siyang isang—isang panoorin na gusto niyang ipakita, sa mga misyon niya mula sa ibang bansa kung saan . . . Nagkaroon siya ng isang—isang panaginip na dumating sa kanya maraming taon na ang nakalipas, tungkol sa pagpunta sa Chicago. At ang kaawa-awang abang ginoo ay labis na nabagabag minsan, ang sabi'y hindi pa raw natutupad ang kanyang mensahe. At ipinaliwanag ko sa kanya kung papaanong tinupad na ito ng Panginoon. Tapos ay naunawaan niya ito.

⁵ Mangyari po na binigyan siya ng Panginoon ng isa pa uling panaginip. At pagkatapos noong dumating ang interpretasyon, sinabi sa kanya kung saan siya dapat pupunta at kung anong gagawin. At nagpunta siya roon at, naku, oh, naku, sa Kenya at Tanganyika at Uganda, at sa mga bansang 'yun doon, talagang kamangha-mangha ang bagay na ginawa ng Panginoon para sa kanila sa kanilang mga pagmimisyon. At gusto niyang ipakita ang panoorin, para lamang maipakita kung ano ang ginagawa ng Panginoon sa gitna ng mga tao roon, sa mga Aprikanong tribo roon. Loobin ng Panginoon, sa Enero, gusto kong sumama sa kanya roon para sa . . . at sila sa mga tribong 'yun, para sa isang

pagtitipon bago lamang ako pumunta sa Rhodesia at Timog Aprika muli.

⁶ At, pagkatapos, sa darating na Linggo na 'yan ng gabi, kaya tandaan n'yo, po. At ipanalangin n'yong mabuti si Kapatid na Joseph, siya'y naging isang mabait na munting kapatid. Sobrang pinasasalamat ko siya, sa kanyang pakikisama at iba pa.

⁷ Pagkatapos, sa darating na susunod na sanlinggong ito, aalis kami papuntang . . . para dun sa Southern Pines, at pagkatapos papuntang Columbia, South Carolina; at pagkatapos mula roon ay pupunta ng Cow Palace, sa Kanlurang Baybayin, tapos tuluy-tuloy sa Grass Valley; at doon sa World Fair, at babalik na muli sa Oregon; pagkatapos doon na naman sa British Columbia, at iba pa, tuluy-tuloy hanggang sa dulo nitong taglagas. Pagkatapos umaasa kami, sa taglagas na ito, loobin ng Panginoon, na magkaroon tayo ng ilan pang mga pagtitipon dito, kung ipagkakaloob ng Panginoon.

⁸ Tapos naisip ko, bago ako umalis, magiging mabuti kung magtatanong ako ng ilang mga katanungan. Alam n'yo, malalaman mo kasi kung ano ang nasa puso ng mga tao kapag nagtatanong ka. At kaya naman naisip ko, alam n'yo, ngayong gabi, na medyo magkaroon tayo ng isang maikling puso-sa-pusong pakikipag-usap sa—sa munting kawan, ng mga tao rito, na sadyang—sadyang makipag-usap sa inyo nang mula sa—mula sa ating mga puso. Kung minsan sa tingin ko nagdudulot 'yun nang higit na mabuti kaysa sa pangangaral ng isang sermon, para mas mauunawaan natin ang isa't isa.

⁹ Nagpapasalamat tayo sa Diyos dahil sa nasaksihan natin na ginawa Niya sa sanlinggong ito bilang tugon sa panalangin, siyanga't naging napaka kamang-mangha nito. At kaya naman lubos ang pasasalamat natin, talagang labis tayong nagpapasalamat.

¹⁰ At nakikita natin na papalapit na ang panahon at ang huling panahon, nalalaman na may bagay na nagbabadyang mangyari. At wala namang sinuman ang hindi nakakaalam na totoo 'yan, kung siya'y isang—kung siya'y talagang nag-iisip. Alam natin, tinugaygay natin 'yun sa paglipas ng mga kapanahunan, pinagmasdan 'yun ng bawat isa. Pero, alam n'yo, napakarami nang nangyayari ngayon. Alam natin—alam nating tama 'yun . . . hindi na maaaring malayo pa. At ngayon siguro magsasalita ako ukol sa ilan n'yan sa ilang sandali.

¹¹ Sige't atin ngayon, bilang pasimula, iyuko lamang natin ang mga ulo natin para sa ilang pagdulog na panalangin. At habang nakayuko ang ating mga ulo, iniisip ko kung mayroon kaya sa mga puso natin, na ibig nating maalaala sa panalangin sa harapan ng Diyos. Kung ganoon po, itaas n'yo lamang ang inyong kamay. Mauunawaan Niya, alam Niya ang lahat ng tungkol dito. Ilang kahilingan lamang na ibig n'yong sabihin,

“Diyos, alalahanin Mo po ako.” Pagpalain ng Panginoon ang bawat isa sa inyo.

¹² Ama namin sa Langit, habang lumalapit po kami ngayong gabi na dumudulog sa Luklukan ng biyaya, na Iyong mabiyayang pinalapit kami na may katapangan sa harapan ng Luklukan ng Diyos at sa Kanyang biyaya, upang hilingin ang anumang petisyon na kakailanganin namin. Sinabi Mo sa amin na kung kami ay magiging sindami ng dalawa o tatlo na magkakatiyon at magsasama-sama sa Iyong Pangalan, ay Ikaw po’y pasasa gitna namin. At pagkatapos kung anuman ang aming naisin, kung hihingin namin ito, ay aming matatanggap kung amin lamang paniniwalaang matatanggap namin ito.

¹³ Batid Mo ang mga kalagayan ng panahon at ang mga kalagayan ng iglesia at ng mga tao, at ang mga kahilingan namin sa Iyong harapan. Ngayon, nakita Mo po ang mga kamay, Panginoon. Talos Mo ang mga puso ng mga tao, at ang kanilang mga hangarin at mga pangangailangan. At nakikita naming papalapit na ang oras, unti-unti na itong namumuo ngayon, ang malalaking ulap at pumipirmi na. Mga bagay na sinabi ng mga propeta daan-daang taon na ang nakalipas, na nakikita naming hindi pa kailanman nangyari hanggang sa panahong ito, at heto ngang nakikita na namin ito sa amin mismong panahon.

¹⁴ Ngayon dalangin namin, Ama, na Iyo pong ipagkakaloob sa amin ang mga pagpapalang ito na aming hinihiling. Pagalingin Mo po ang mga maysakit at mga nagdurusa. Ipanumbalik Mo sa Iyong iglesia, Panginoon, ang buhay na kapangyarihan ng Espiritu Santo, na buhay na pananampalataya na aming hinihiling dahil kami’y sumasampalataya. Sumasampalataya kami na tinanggap na namin ito dahil sigurado kami na kalooban ng Diyos na ibibigay ito sa amin bago pa namin hilingin. Hindi kami humihiling nang lihis, humihiling kami alang-alang sa Kaharian, kaya dalangin naming Iyong ipagkakaloob ito sa amin.

¹⁵ Pagpalain Mo ang aming pagtitipon-tipon, ang aming pastor, ang mga manggagawa ng iglesia, bawat tao, ang mga miyembro ng Katawan ni Cristo na narito. Yaong mga hindi miyembro ng Katawan ni Cristo, na naghahanap sa panahong ito ng kublihan saanman, bumibili sila ng kublihang masisilungan laban sa bomba para sa likurang bakuran, Diyos, dumako nawa sila sa ilalim ng kumakanlong na proteksyon ng Panginoong Jesus, yamang nalalaman namin na kapag natapos na ang buhay na ito ay may Buhay pagkatapos nito. Salamat po sa Iyo dahil sa pangakong ito.

¹⁶ Ibigay Mo sa amin ang sagot sa mga katanungang ito ngayong gabi, upang masiyahan ang bawat puso sa Iyong Salita. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

17 Papalapit na sa pagdating ng Panginoon, napakadakilang katiyakan nga nito!

18 Nagsasalita ako kanina, may nagsabi ng bagay ukol sa *insurance*, naroon ako sa Business Men nito lang sa isa sa kanilang mga kapulungan, isang internasyonal na kapulungan. Kadadalo ko lang sa isa, sa rehiyonal. Nagsasalita kasi ako para sa Full Gospel Business Men, pandaigdigan. At mangyari po na itong—itong kapulungan ay doon sa Kanlurang Baybayin idinaos, at narooing nakaupo ang lahat ng mga kilalang tao mula sa lahat ng panig ng mundo, na may . . . nakabihis nang husto at kapita-pitagan. Sabi sa akin ng isa sa kanila, “Narinig kong may tumawag sa iyo ng ‘Reverend.’”

Sabi ko, “Siyanga, po.”

Sabi, “Isa ka bang mangangaral?”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

Sabi niya, “Anong ginagawa mo kasama ng mga negosyanteng ito?”

Sabi ko, “Isa akong—isa rin naman akong negosyante.”

“Oh?” Sabi, “Ano bang klase ang negosyo mo?”

Sabi ko, “Assurance.”

19 Mali ang pagkaintindi niya sa akin, ang akala niya ang ibig kong sabihin ay *insurance*. Kaya ang sabi niya sa akin, sabi niya, “Sa anong kompanya ka?”

Sabi ko, “Sa Makalangit na Kompanya.”

Sabi niya, “Hindi ko yata alam ang isang ‘yan.”

Sabi ko—sabi ko, “Anong—anong klaseng *insurance* ang ibinebenta mo?”

20 “Hindi ko . . .” Sabi ko, “Hindi ko sinabing *insurance*, ang sinabi ko’y *assurance*.”

Sabi, “Anong ibig mong sabihin?”

Ang sabi ko:

Pinagpalang katiyakan, si Jesus ang tangan!

Oh, damang-dama ngayon pa lamang

Makalangit na kaluwalhatian!

Tagapagmana ng kaligtasan, Diyos ang nagbayad ng katubusan,

Sa Kanyang Espiritu ay isinilang, sa Kanyang Dugo ay hinugasan.

21 Kaya noong gabing ‘yun noong ipinapakilala ako para sa pagsasahimpapawid sa telebisyon, sinabi ko ‘yun. At sabi ko, “Ngayon, ako’y—ako’y may mga garantiya rito para sa sinuman sa inyo rito o sa mga nariyan sa labas ng bansa, na interesado sa isang garantiya, gusto kong mapag-usapan natin pagkatapos mismo ng gawain. Assurance, pinagpalang assurance!”

²² Ngayon, naisip ko, sa pagtatanong ng mga tanong na ito, na baka mabigyan ako nito ng kaunting silip sa inyong—inyong iniisip. Mayroon akong dalawa. Pagpasok ko sa may pintuan ang sabi sa akin ni Billy na marami pa raw, pero, hayan nga, hindi na ako nagkaroon ng pagkakataon para aralin pa ang mga 'yun. At gusto kong makatiyak na tama ako batay sa Kasulatan bago ko ito sagutin, dahil kayo ay . . . gusto ko po itong maging ganoon, o bago ko ito sagutin. Kaya siguro maaari kong ipagpaliban ang mga 'yun para sa ibang panahon. Ngayon, isa sa . . . At sa pagsagot ng mga tanong na ito ngayon, tandaan n'yo, ginagawa ko lamang ang lahat ng makakaya ko.

²³ Hindi ako sumasagot ng mga tanong doon sa mga gawain. Sinubukan ko minsan at nagkaproblema. Nagkamali sila sa pag-intindi sa akin. Tungkol 'yun kay G. Allen, o tungkol sa katibayan ng dugo at langis at kung ano pa, sa mga kamay at mukha, bilang katibayan daw ng Espiritu Santo. Sabi ko, “Buweno, hindi ko alam ang tungkol diyan,” sabi ko, “wala pa akong nakikitang anuman tungkol diyan sa Kasulatan.” Sabi ko, “Pero ako'y—ako'y naniniwala na kung ako'y . . . kaya ko lang makapangaral katulad ng kapatid na ito, haya't hindi ako mananangan sa mga sensasyon. Ipangangaral ko lang ang Ebanghelyo,” at nagpatuloy.

²⁴ At kaya naman mayroon silang sulat, sa buong mundo, “Mahal na Kapatid na Branham . . .” siyanga't napunta ito sa kung saan-saan. At nagkamali sila ng pagkaintindi rito. At ipinadala namin sa kanila ang mga teyp at ipina-play ito sa kanila at para makita nila na aking . . . Ang sabi raw kasi na “kinokondena ko 'yung tao.” Hindi po—hindi po. Kailanman ay wala akong kinondena na sinumang kapatid. Marahil minsan ay hindi ako sang-ayon sa kanila, pero 'yun ay sa batayang magkaibigan.

²⁵ At pagkatapos dito kamakailan lang ay may sumulat ng aklat tungkol sa lalaking ito, tungkol sa, *Biting of Devils*. Tapos naisip ko oras na marahil para hilingin o para ipabatid sa kanya. At mangyari nga na pinuna nung taong sumulat ng aklat ang bawat ebanghelista sa larangan maliban sa akin, at nakaupo siya mismo sa pagtitipon ko, kaya sabi ko, “Ikinasisiya ko hindi . . . ang kritisismo, kundi ang . . .” Sabi ko . . . Ang kapatid, sa totoo lang, pinuri niya ito sa *Christian Digest*, sabi niya na isa raw ako sa hindi kailanman nangunguha ng mga kaloob at nanghihingi ng pera sa mga tao, at iba pang gaya nun, at hinangaan daw niya ito. At nakaupo roon 'yung tao. Pero may isang pagkakataon na alam kong may sinabi 'yung taong 'yun tungkol kay Kapatid na Allen na hindi tama.

Sabi niya, “Isinulat ni A. A. Allen itong aklat na *Biting of Devils*.”

26 Ngayon, hindi kailanman isinulat ni A. A. Allen ang aklat na 'yun. Kilala ko 'yung sumulat ng aklat na 'yun. At kaya sabi ko, “Ngayon, kung hindi ganoong kasinsero 'yung taong sumulat nito para pumunta sana't alaming maigi kung sino ang sumulat nito bago niya pulaan si Kapatid na Allen, medyo naniniwala ako na ang ilan sa iba niyang mga puna ay hindi angkop sa mga kapatid na ito.” Kita n'yo? At nakaupo roon mismo 'yung tao na pinapaboran ako. Pero 'yun lamang ay para ipaalam sa kanya na mali ang pahayag niya, kita n'yo, na hindi isinulat kailanman ni Kapatid na Allen ang aklat na 'yun, ang sinulat na 'yun na *Biting of Devils*.

27 Ngayon, sa pagsagot po sa mga katanungan na ito, ang mga ito po'y sa pinaka abot ng kaalaman ko. At kung . . . sisikapin kong sagutin ang mga ito sa pamamagitan ng mga Kasulatan.

28 Ngayon, matatagpuan ang una, sa paniwala ko, sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-7 kabanata at sa ika-15 talata. Kaya ngayon dumako po tayo sa Kasulatang 'yun at tingnan natin kung anong ipinapahiwatig nito, at tingnan kung matutulungan natin ang minamahal na taong ito na nagtatanong. Ngayon. Unang Mga Taga-Corinto, ika-7 kabanata, ika-15 talata. Sa palagay ko'y narito ngayon 'yung nagtanong. Ngayon ganito ang mababasa Rito:

Gayon ma'y kung humiwalay ang walang asawa, ay bayaan siyang humiwalay. Ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay hindi natatali sa ganitong bagay: kundi sa kapayapaan kayo ay tinawag ng Dios.

169. Ngayon. Unang Corinto, ika-7 kabanata, ika-15 talata. Ngayon ang itinanong nila: **Kapatid na Branham, ang ibig ba nitong sabihin ay ang isang kapatid na babae o isang kapatid na lalaki ay malayang mag-asawang muli? Hindi.**

29 Kita n'yo, hindi n'yo mahuhugot ang tanong niya diyan at itong sinasabi niya. Hindi nga sila malaya. Kita n'yo, lilikha kasi 'yun ng pagsasalungatan sa Kasulatan, at hindi sinasalungat ng mga Kasulatan ang kanilang sarili sa anumang paraan. Kita n'yo? Ngayon, ating . . . Nakita n'yo, para bang magagawa mong ang Kasulatan (sa pagbabasa lang ng isang talata) na sabihin ang anumang bagay na gusto mong sabihin nito, para umangkop sa iyong iniisip. Subalit kailangan mong kunin ang kaisipan na ipinapangusap ng mga ito.

30 Gaya kung—kung kausap ko si Kapatid na Neville at narinig n'yo—narinig n'yo na sinabi ko ang salitang “board.”

31 At saka ka aalis, sasabihin mo, “Alam n'yo ba kung anong sinasabi niya? Bored daw siya sa atin ngayong gabi.” Kita n'yo? “Hindi,” sasabihin naman nung isa pa, “mali 'yan, ang ibig niyang sabihin siya'y—siya'y may pagkakautang na board bill, babayaran daw niya ito.” Sasabihin nung isa pa, “Oh, hindi, hindi ganoon ang ibig niyang sabihin, ang ibig niyang sabihin

ay 'yung tableng board sa gilid ng bahay.” At sasabihin naman nung isa pa, “Hindi, sasabihin ko sa inyo kung ano, sa palagay ko ang sinisikap niyang sabihin ay pagbobore ng isang butas.” Kita n’yo? Kita n’yo?

³² Kailangang alamin n’yo 'yung talastasan, saka n’yo malalaman kung tungkol saan ang sinasabi n’yo, dahil sinasagot ni Pablo rito kung minsan ang tanong nila.

³³ Sinasabi ng iba kung minsan, “Sinasalungat ng Biblia ang Sarili Nito.” Gusto kong mahanap 'yan. Siyanga't hindi Ito sumasalungat. Ako'y—ako'y tatlumpu't dalawang taon na sa likod ng pulpito, wala pa akong nakikitang salungatan. Kita n’yo? Hindi Nito sinasalungat ang Sarili Nito! Ito'y sadyang . . . Kayo ang nagpapasalungat Dito, kita n’yo, at ang hindi nakakaintindi Rito. Isang Tagapaghayag ang Espiritu Santo, ang Tagapagpahayag ng Salita. Kung kaya't, ang pagsasalungatan . . .

³⁴ Kita n’yo, sinusulatan ni Pablo ang mga tao, na sinasabi, “Nagtanong kayo ng *ganito't ganoong* bagay.” Mangyaring, hindi lang niya sinasabing itinanong n’yo ito, kanya lamang *sinasabi* 'yun. Pagkatapos dito bumalik siya't sinagot sila, na salungat sa itinanong nila.

³⁵ Tanong nila, “Ginagawa namin ang *ganito*, at *ganoon*, at *ganito*.” At bumaling si Pablo at sinabi ang bagay na iba, kita n’yo, para ba itong salungatan. Hindi po. Kung babasahin n’yo mismo ang buong talata, ang buong kabanata, malalaman n’yo na kanyang—kanyang sinisikap ipaliwanag kung ano ang isinulat nila sa kanya.

³⁶ Ngayon, dito mismo'y parang magbibigay ito . . . At sa ganoon kayo nakakakita ng mga salungatan sa Biblia, pero wala nga. Ngayon, para bang, dito, siyanga't ibig malaman ng nagtanong, o ang katanungan na ibig talaga nilang malaman:

Ang isang kapatid na lalaki o kapatid na babae ba sa Panginoon, ay maaaring mag-asawa o muling mag-asawa at maging malaya, kung iiwan nila ang kanilang asawa upang mag-asawang muli? Hindi.

³⁷ Ngayon po'y kunin natin . . . simulan sa ika-10 talata:

. . . sa mga may asawa ay aking ipinaguutos, nguni't hindi ako, kundi ang Panginoon, (Kita n’yo?), Na ang babae ay huwag humiwalay sa kaniyang asawa: (Kita n’yo?)

Datapuwa't . . . kung siya'y humiwalay, ay manatiling walang asawa, o kaya'y makipagkasundo sa kaniyang asawa: at huwag hiwalayan ng lalake ang kaniyang asawa. (Yan ang mga Utos ng Panginoon, kita n’yo.)

Datapuwa't sa iba ay ako ang nagsasabi, hindi ang Panginoon: (Kita n'yo?) Kung ang sinomang kapatid na lalake ay may asawang hindi sumasampalataya, . . .

³⁸ Ngayon, masdan n'yo ang paksa niya, kita n'yo. At ituloy n'yo pababa ang pagbasa bago ito, sa buong kabanata mismo, malalaman n'yo ang inisip nila, "Kung nag-asawa tayo ng babae at siya ay . . . tayo . . . ikinasal ako at naging isa akong mananampalataya, at hindi isang mananampalataya ang asawa kong babae, ay ibubunsod ko na hiwalayan siya." Oh, hindi. Hindi ganoon. Hindi n'yo maaaring gawin 'yun, Kita n'yo? Kita n'yo:

. . . Kung ang sinomang kapatid na lalake ay may asawang hindi sumasampalataya, at kung kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan. (Yan nga'y, hindi dahil sa pag-aasawa, dahil 'yan sa di-pagsampalataya. Hindi "muling mag-asawa" uli. Kita n'yo, manatili kayong kasama niya!)

At kung ang babaing may isang asawang hindi sumasampalataya, at kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan ang kaniyang asawa. (Tama 'yan! Kita n'yo?)

Sapagka't ang lalaking hindi sumasampalataya ay nagiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa, at ang babaing hindi sumasampalataya ay nagiging banal sa pamamagitan ng kaniyang asawa: sa ibang paraa'y ang inyong mga anak ay nangagkaroon ng kapintasan; nguni't gayo'y mga banal.

Gayon ma'y kung humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay hayaan siyang humiwalay.

³⁹ Ngayon, kung sinabi ng di-mananampalataya, "Hindi na ako maninirahang kasama mo, naging Cristiano ka na." Sa . . . Na sasabihin ng isang lalaki sa kanyang asawa, "Dahil sa naligtas ka na, at aalis na sa mundo kung saan naroon tayo dati, ay iiwanan na kita." Ngayon, wala ka nang magagawa pa tungkol dito, hayaan mo siyang umalis. Kita n'yo?

⁴⁰ O sasabihin ng babae sa kanyang asawa, "Hindi ako makikihalubilo sa grupong 'yan ng mga holy-roller. Hindi ko gagawin ito! Hihiwalayan kita't iiwan ka." Huwag mong iiwan ang iglesya, pabayaan mo siyang umalis. Kita n'yo?

⁴¹ Ang isang kapatid na lalaki o isang kapatid na babae ay hindi nagagapos sa ganitong kalagayan, siyanga't, kung hihiwalayan ka ng iyong asawa at gustong umalis dahil Dito. Hindi n'yo kailangang pigilan sila. Kung gusto nilang iwan kayo at iiwan nila kayo ng dahil kay Cristo, hayaan n'yo silang umalis. Pero hindi kayo maaaring mag-asawa muli! "Kundi tinawag tayo ng Diyos sa kapayapaan." Kita n'yo? Ngayon, hindi na kayo maaaring mag-asawa muli, isinaad na

niya 'yan, pero hindi n'yo kailangang mamuhay na kasama ang isang di-mananampalatayang asawang lalaki o isang hindi mananampalatayang asawang babae kung ayaw nila.

⁴² Kung gusto nila, na sasabihin “Sige, magsimba ka. At kung gusto mong pumunta roon, ikaw ang bahala. Gusto mong pumunta sa simbahan n'yo, sige lang. Para sa akin, hindi ko Ito pinaniniwalaan. At ako—ako'y gagawa ng kahit ano para lang sa iyo, hindi ako hahadlang sa daan mo, sige lang,” kung ganoon manatili ka lang doon, yamang di namamalayan na ang banal mong buhay ay pababalin ang mananampalatayang 'yun, na maging dahilan para manampalataya sila. Kita n'yo? Sa alinmang panig ito, sa lalaki o sa babae man, kita n'yo. Kayo . . .

⁴³ Pero ngayon para lang sabihin, “Ako . . . Kapatid na Branham, nag-asawa ako at ang maybahay ko ay isang di-mananampalataya, at heto ang isang kapatid na babae rito na maaari kong pakasalan. Iwan ko ang isang ito at papakasalan ang isang 'yun.” Oh, hindi! Hindi, talaga! Ang panata n'yo ay sa kamatayan na kayo maghihiwalay, at wala nang iba pa sa mundo ang makakapagpahintulot sa iyo na mag-asawa (diyan sa Biblia) hanggang sa mamatay ang iyong asawa. Tama. Ang tanging basehan nila! Walang ganyan mismo na pag-aasawang muli kahit saan, maliban na patay na ang asawa. Ganoon lang. Kita n'yo?

⁴⁴ Hindi n'yo maaaring ibunsod na salungatin Nito ang Sarili Nito. Kaya basahin n'yo lang ang mga talata bago at pagkatapos, at makukuha n'yo na riyan kung anong sinasabi niya. Ngayon, ang ibig sabihin nito rito, hindi . . . Tingnan n'yo:

Ang ibig bang sabihin nito na ang isang kapatid na lalaki o isang kapatid na lalaki ay malaya nang makapag-asawang muli?

⁴⁵ Hindi, po. Kita n'yo, una niyang ipinaliwanag 'yun. Tingnan n'yo:

. . . sa mga may asawa ay aking ipinaguutos, nguni't hindi ako, kundi ang Panginoon, na ang babae ay huwag humiwalay sa kaniyang asawa:

Datapuwa't kung siya'y humiwalay, ay manatiling walang asawa, o kaya'y makipagkasundo sa kaniyang asawa: . . . (Kita n'yo?)

⁴⁶ Walang ganoon na may sinong mananampalataya na nakipagkasundo ay mag-aasawang muli, habang buhay pa ang asawa.

Ngayon, heto ang isa pa. Ganito po ang pangalawa:

170. Ano pong klase ng katawan ang tataglayin ng masasama sa huling pagkabuhay na mag-uli sa Paghatol sa Malaking Luklukang Puti?

⁴⁷ Babangon ang makasalanang 'yun sa pagkabuhay na mag-uli para mahatulan sa katawan kung saan siya nakagawa ng kasalanan. Kita n'yo? Kailangan niyang tumayo sa Paghatol sa pagkabuhay na mag-uli.

⁴⁸ Ang *pagkabuhay na mag-uli* ay hindi nangangahulugan ng pagpapalit, "ito'y pagbangon doon sa nahimlay." Noong nabuhay si Jesus mula sa mga patay, Siya ay siya ring katawan na nahimlay, bumangon Siya sa ganoon ding klase ng katawan. Babangon tayo sa parehong katawan kung saan tayo nahimlay; ito'y pagkabuhay na mag-uli, hindi pagpapalit.

⁴⁹ Ngayon, sinasabi ng Biblia na ang . . . na hahatulan tayo ayon sa mga kasalanang nagawa sa katawan. At, kapag bumangon ang masama, hahatulan siya sa parehong katawan kung saan siya nagkasala, siya ring bagay.

171. "Nakilala ni Adan si Eba na kanyang asawa; at" (pang-ugnay) "siya'y naglihi at ipinanganak si Cain." Naniniwala po ako sa lahat ng itinuturo mo, ngunit mayroon . . . ko ba . . . Paano ko ba sasagutin ang isang tao na—na nagsasabing hindi siya naglihi pagkatapos na makilala siya ni Adan, dahil sa pang-ugnay na "at." "Nakilala ni Adan ang kanyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain."

⁵⁰ Ngayon, alam na nating matatanda ang ibig sabihin ng "nakilala" riyon. Ngayon, ang tanong ay patungkol sa pang-ugnay. Ngayon, kung mamasdan n'yo, mga kaibigan, kita n'yo, sadyang hindi n'yo—hindi n'yo magagawang ang Biblia ay papagsabihin ng isang bagay sa isang dako at iba na namang bagay sa iba. Kinakailangan nitong sabihin ang parehong bagay sa tuwina. At kung nakuha n'yo Ito na sinasabi ang isang bagay rito at iba naman sa dako rito, kung ganoon ay mali ang interpretasyon n'yo. Kita n'yo? Hindi n'yo magagawa 'yun. Hindi n'yo maibubunsod na si Eba'y nadaya ng serpiyente at pagkatapos masusumpungan siya sa iba pang dako na nadayang muli. Kita n'yo? At doon sa unang beses na nadaya siya ay noong naglihi siya. Hindi n'yo magagawang siya'y madaya nang dalawang beses.

⁵¹ Hayaan n'yo lang na ipakita ko sa inyo ang inyong mga pang-ugnay. Sa pagbabasa ng Biblia ay alam n'yo dapat kung saan ipuwesto ang mga pang-ugnay n'yo. Pinagdudugtong ng *pang-ugnay* ang inyong mga pangungusap. Kita n'yo? Ngayon masdan n'yo ito. Ngayon, sa Genesis 1:26, masdan n'yo ang pang-ugnay na ito, at pagkatapos ay ipaliwanag n'yo ito at saka ko sasabihin sa inyo kung paano niya . . . noong nakilala ni Adan ang kanyang asawa. Genesis, sa unang kabanata, at simula sa ika-26 na talata. Ngayon, pakinggan n'yong mabuti. Ginawa na ng Diyos ang Kanyang mga nilikha noong panahong 'yun, at pinalitaw ng Diyos sa lupa ang mga bagay na gumagapang at

lahat ng mga bagay na pinalitaw ng lupa. Ngayon, sa ika-26 na kabanata . . . ika-26 na talata ng unang kabanata ng Genesis:

At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating sariling larawan, ayon sa ating sariling—sariling wangis: . . . magkaroon sila (ang tao) . . . (hindi siya; “sila,” kita n’yo, maramihan) ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa . . . (Nakita n’yo ang “at, at, at” pinagdudugtong-dugtong?) . . . sa lupa, at sa bawa’t umuusad na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.

At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae (kapwa lalaki at babae).

At sila’y binasbasan ng Dios pagkatapos ng Kanyang paglalang, pagkatapos, at . . . sa kanila’y sinabi, Kayo’y magpalaanakin, at (at) magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin: . . .

⁵² Sunod-sunod na pang-ugnay ng ano . . . Dapat na magpakarami raw ang tao. *At*, pagkatapos na magpakarami, saka pangibabawan ang lupa; ’yun ay hanggang sa Milenyum. Kita n’yo? Siyanga, “Pangibabawan ang lupa.” Buweno:

. . . at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at . . . sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa’t hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.

⁵³ Ngayon, nilikha ng Diyos ang tao sa Sarili Niyang larawan, nilikha, ibinunsod sila (ang tao) na magkaroon ng kapangyarihan sa buong lupa, na pangibabawan ito at lahat na, at ibinunsod silang gawin ito at magkaroon ng kapamahalaan sa mga isda sa . . . at lahat ng ginawa Niya. At pagkatapos ay malalaman natin, sa Genesis 2:7 . . . Pakinggan n’yo ito. Matapos likhain ng Diyos ang lupa, matapos na likhain ang tao, binigyan ang tao ng kapamahalaan sa lupa, ibinigay sa kanya ang lahat ng mayroon siya, at nilikha sila ng Diyos, sinabihan silang magpara- . . . na magpakarami at kalatan ang lupa, at ang lahat ng mga bagay na ito, at pagkatapos ng pito pang talata ng mga bagay na natapos Niya, at ang kalangitan at lupa at lahat ng bagay, “*At* nilalang ng Panginoong Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa.” “*At!*” Heto Siya (“*at*” pang-ugnay) gumagawa ng tao na nagawa na Niya. Kita n’yo? Gumagawa ng tao:

At . . . (na pinagdudugtong ang pangungusap Niya) . . . nilalang ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan (ng hininga) ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay.

⁵⁴ Ngayon, bulayin n’yo ’yun! Matapos Niyang likhain ang tao (babae at lalaki) sa Genesis 1:26 hanggang 28, ginawa Niya

ang tao sa Kanyang Sariling larawan, nilalang siya at binigyan siya . . . pinangibabawan ang mga kaharian at ibinigay sa kanya ang lahat ng mga kapangyarihang ito at lahat na, at gayunma'y hindi pa Niya nilikha ang tao.

⁵⁵ Kita n'yo, dinaya na ni Satanas si Eba. Siyanga't, nakilala siya ni Adan, pero nadaya na siya. Dahil dito mismo ay kanyang . . . noong sila . . . bago sila dumating . . . Noong dumating sila sa paghatol, ang sabi Niya . . . at dinala sila ng Diyos na magkasama at nagsabi, "Sinong gumawa nito?" Tinanong sila nung tanong na 'yun.

Sabi ni Adan, "Ang babae kasi na ibinigay Mo sa akin."

At ang sabi ng babae, "Dinaya ako ng serpiyente."

⁵⁶ At naglagay ang Diyos ng sumpa sa kanila, at ang lahat ng gaya nun. At *pagkatapos* ay nakilala ni Adan ang kanyang asawa, kita n'yo, matapos na nadaya na siya at naging isang nanay. Katulad na lamang mismo noong likhain ng Diyos ang tao rito sa Genesis 1:26 at ganoon pa man hindi pa siya naanyuhan. Kita n'yo? Sige.

⁵⁷ Ngayon masdan n'yo, bumaba tayo rito at basahin, din:

At tinawag ni Adam ang kaniyang asawa . . . na Eba; sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay na bagay, lahat . . . o ina ng lahat ng mga nabubuhay. Tinawag niya ang kanyang asawa . . . tinawag ang babae na asawa dahil siya ay . . . o babae dahil siya ay . . . ng lahat ng mga nabubuhay na bagay.

At iginawa ng PANGINOON si Adan at ang kaniyang asawa . . . ng mga kasuutang balat upang takpan sila.

⁵⁸ Ngayon, pansinin n'yo sa Genesis muli, 1:21, nilikha ng Diyos ang mga balyena sa dagat. Ginawa Niya ang lahat, at nilikha ang sangnilikha, at ginawa ang tao sa Kanyang Sariling larawan. Ginawa ang tao, hindi "isang" tao, buong tao, lahat sila sa Kanyang Sariling larawan. Kita n'yo? At ayon sa larawan ng Diyos ay nilikha Niya sila; lalaki at babae, nilikha siyang pareho na ganoon.

⁵⁹ At ngayon nalaman natin, sa dako rito muli, *pagkatapos* Niyang likhain ang tao sa Kanyang Sariling larawan, *pagkatapos* Niyang likhain siya rito na lalaki at babae, dito'y ginawa naman Niya ang tao mula sa alabok ng lupa.

⁶⁰ At *pagkatapos*, matapos Niyang gawin 'yun, matapos Niyang malikha siya na lalaki at babae, saka Siya bumalik dito at gumawa ng isang babae para sa lalaki, matapos na Kanyang nalikha na siya. Kita n'yo?

⁶¹ Kita n'yo, pinagdudugtong ng pang-ugnay n'yo ang pangungusap na 'yan. Katulad na lamang ng sinabi nito, ngayon, *dito*, "Nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang Sariling larawan, ayon sa Kanyang wangis ay nilikha Niya siya," ang Diyos ito na

nagsasalita sa Kanyang pag-iisip, sa Kanyang kaisipan, kung anong mayroon Siya. *Dito* naman Niya isinagawa ang mismong gawa na 'yun.

⁶² Si Jesus ang Cordero na pinatay buhat pa ng itatag ang sanlibutan; hindi Siya pinatay sa loob ng apat na libong taon pagkatapos. Kita n'yo?

⁶³ Kaya dinaya ng serpiyente si Eba. Tunay 'yan. Matapos na maitakda ang hatol, ay saka nakilala ni Adan ang kanyang asawa. At pagkatapos ang babae ay naglihi at nanganak ng anak na lalaki, si Cain. Nakukuha n'yo? Ipinagpapatuloy lang nung pang-ugnay ang ginawa ni Adan, hindi kung anong ginawa bago si Adan.

⁶⁴ At tingnan n'yo rito, kung gusto n'yong tugaygayin 'yun, doon sa napakagandang pahayag dito, naniniwala akong makikita natin ito rito sa . . . at dito sa ika-4 na kabanata, sa paniwala ko.

At nakilala ni Adam . . . ang kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at (isang pang-ugnay) sinabi, Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng PANGINOON.

⁶⁵ Kung ganoon hindi talaga 'yun si Adan, 'yun nga'y anak ng Diyos sa pamamagitan nito. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung ibig n'yong ilagay ang inyong pang-ugnay kung saan, kita n'yo ("at" muli), "Nagkaanak ako ng lalaki buhat sa Diyos." Kung ganoon sinasabi niyang ibinigay raw ng Diyos sa kanya ang bagay na 'yun na kakaiba na tinatawag na Cain. Saan pala nanggaling ang lahat ng karumal-dumal at karumihang 'yun at ganoong mga bagay na taglay ni Cain, siyanga't nagmumula ba sa Diyos? Hindi maaari! Kita n'yo? Dinaya si Eba ng serpiyente, at ang serpiyente . . . kaya si Eba ay nagdadalan-tao na noong panahon na 'yun. Pagkatapos ay nakilala siya ni Adan, tiyak nakilala niya, humayo siya at namuhay kasama si Eba bilang kanyang asawang babae, pero siya'y nagdadalan-tao na sa batang ito.

⁶⁶ At pagkatapos noong sa wakas ay maisilang na ang anak mismo ni Adan, siya ay mabait, magiliw, mapagpakumbaba, at maamong gaya ni Adan.

⁶⁷ Pero ang isang batang ito, ang lantarang pagsisinungaling, saan kaya nagmula ang kasalanang 'yun? Saan nga ba galing ang lalaking ito, na si Cain, ang mamamatay-tao na 'yun? At sinabi ng Biblia na "Ang diyablo ay isang mamamatay-tao." Saan ba nagmula ang kasinungaling 'yun? (Ang diyablo ay ang ama ng kasinungalingan; isa siyang sinungaling at ang ama ng kasinungalingan.) Tiyak na galing ito na labas sa Diyos. Mangyaring si Cain ay yaong masama, at si Satanas ang ama niya; at iniluwal niya ang masamang ito.

At pagkatapos, mangyari pa, nakilala ni Adan ang kanyang asawa, siyanga.

68 At, oo, marahil kung ganito ang sinabi n'yo. Maaari kong sabihin, inihalimbawa ko ang sarili ko, buweno, ngayon, naipanganak si Rebekah, at pagkatapos ng ilang panahon ay dumating. . .

69 Binabasa ko isang araw ang kuwento ni Joseph, at labis akong natuwa sa kuwento ni Joseph. Pumunta ako sa isang maliit na silid at lumuhod, doon sa Minneapolis, at sabi ko, "Panginoong Diyos, lubos Kitang pinasasalamatang dahil sa isang tao na katulad ni Joseph!" At sa isip-isip ko, "Kung akin ngang. . . Pinangalanan ko sana si Billy Paul, ng 'Joseph,' ipinangalan ko sana siya sa dakilang tao na ito." Wala ni isa mang bahid laban sa kanya saanman sa Biblia, siya'y perpektong tipo ni Cristo sa lahat ng anggulo. Naisip ko, "Gustong-gusto ko nga sana. . ." Sabi ko, "Oh, kung magkakaroon ako ng anak na lalaki, papangalanan ko siya ng 'Joseph.'"

70 At sa sandali ring 'yun ay pumasok 'yung Liwanag sa gusali at ang sabi, "Magkakaanak ka ng lalaki at papangalanan mo siya ng 'Joseph.'"

71 Nakilala ko ang aking asawa, oo, isinilang niya si Sarah. Pagkatapos ay nakilala ko ang aking asawa at isinilang niya si Joseph. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? Kita n'yo, wala itong kinalaman na anuman dun sa nauna. Ang pangako ng Diyos ay "Joseph," pumagitna lang dun si Sarah. Hindi sa inilalagay ko sa alanganing situwasyon si Sarah, kundi para ipakita lang sa inyo kung ano ang aking—kung ano ang ibig kong sabihin. Kita n'yo, haya't. . . si Sarah ay ipinadala rin naman ng Diyos, siyanga. At mangyaring alam natin 'yan.

72 Ngayon, pero, kita n'yo. Ang Diyos, noong ipinataw Niya ang hatol kina Adan at Eba, nagawa na ni Eba ang kasalanan bago pa man Niya ipinataw ang hatol. At, pakinggan n'yo, alam n'yo ba na ang pinaka unang bata na naipanganak sa mundo ay "ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan"? Ang pinaka unang naipanganak kailanman ay ipinanganak sa ganoong paraan, dahil. . .

73 Sasabihin n'yo, "Paano naman si Adan at Eba?" Hindi sila isinilang. Nilikha sila. Kita n'yo?

74 Pero ang pinaka unang anak na dumating ay ipinanganak sa kasalanan, kaya ito'y talagang alinsunod doon. "Ang taong ipinanganak ng babae ay may kaunting araw at puno ng kaguluhan." Ipinanganak nga siya sa kasalanan. Yun ang dahilan kung bakit kinakailangan niyang maipanganak na muli, kita n'yo, sa pamamagitan ng Espiritu; hindi sa pamamagitan ng isang espirituwal na *pag-iisip*; sa pamamagitan ng espirituwal na Kapanganakan, kita n'yo, na binabago siya, ginagawa siyang isang bagong nilalang. Ang unang tao na ipinanganak noon ay ipinanganak sa kasalanan.

75 Kung ganoon, kinailangan na may Isa na ipanganak na hindi sa pamamagitan ng seksuwal na pakikipagpagnig. Ngayon, kung sa panimula ay hindi seksuwal na pakikipagpagnig, kung ganoon bakit kinailangan ng tao na magkaroon ng Isa sa seksuwal para tubusin ang buong sangkatauhan? Bakit hindi na lang Niya ibinaba ang isa sa mga pasilyo at nagsabi, “Narito Yaong matuwid na *nag-iisip* nang tama”? Kinailangang dumating ito sa pamamagitan ng seksuwal, dumating sa pamamagitan ng babae, dahil doon ito nagmula sa una pa lang. Sa pamamagitan ng seksuwal, nagdulot ng kalikuan; at sa pamamagitan ng seksuwal, nagdulot ng Katuwiran. Kita n’yo? ang Diyos, na walang pangangalunya, na walang pagnanasang seksuwal, ay iniluwal si Jesus Cristo sa pamamagitan ng walang bahid-dungis na paglililihi, sa pamamagitan ng paglililim kay Maria at paglikha sa loob niya ng Sanggol na ito; na dumating sa pamamagitan ng seksuwal. At, sa pamamagitan nun, tinubos ng Kanyang Banal na Dugo ang buong salinlahi na nahulog. Kita n’yo? Kaya kinakailangang magkagayon, wala nang ibang paraan para rito.

76 Ang bawat tao na ipinanganak ng babae ay patungo sa kamatayan, patay na siya pagkapanganak pa lang sa kanya. Siyanga.

77 Yan ang dahilan kung bakit sinasabi ko noong isang araw kung papaanong taglay natin ang pinagpalang katiyakang ’yun ngayon.

78 Noong ang Israel...Hindi ba...Nakakapagsalita ako ng napakaraming bagay na wala namang kinalaman, pero may ibinibigay ang Panginoon sa akin kung minsan at sadyang nagpapasaya ito sa akin. Kaya noong ibinigay Niya sa akin ’yun, pinasaya ako nito nang higit sa anumang naranasan ko sa maraming taon. Noong ibinigay Niya sa akin ’yun noong isang araw, noong makita ko ang Israel, na isang alipin, walang tahanan, mga anak ng Diyos. Iniitsahan lang ng inaamag na tinapay, anumang nais nila! Oh, kung maaari lamang silang magkaroon ng isang tahanan kung saan makakapamuhay sila nang payapa, kumita ng kanilang ikabubuhay sa pamamagitan ng pawis ng kanilang noo!

79 At, isang araw, may dumating mula sa ilang na isang propeta, na pinangunahan ng isang Haliging Apoy, at sinabi sa kanila ang tungkol sa isang ipinangakong lupain. Wala pang nakapunta roon, wala silang alam tungkol dito. Subalit isa ’yung pangako. Sa pamamagitan nun ay naniwala sila at sumunod sa propetang ito hanggang sa makarating sila malapit sa lupang pangako.

80 Pagkatapos ay may isang saksi na ang tawag ay *Josue*, na ang ibig sabihin ay “Jehovah na tagapagligtas,” siya’y tumawid sa Jordan patungo sa lupaing ’yun, at bumalik na may katibayan na ang lupaing ’yun ay sadyang eksakto sa kung anong sinabi ng

propeta ukol sa Salita ng Diyos. May dala silang isang bungkos ng mga ubas, nangailangan pa ng dalawang tao para buhatin 'yun, at natikman nila ang orihinal na prutas mula sa lupaing yun. Walang nakakaalam na naroon ang lupain, pinaniwalaan lamang nila 'yun noon. Lumakad sila sa pananampalataya't sinampalatayanan 'yun.

⁸¹ Ngayon noong namana nila ang kanilang lupain, napakasaya nila! Maaari nang mamuhay ang bawat isa sa kapayapaan, magkaroon ng sariling maliit na halamanan, magkaroon ng sariling mga anak at lahat na. Pero, sa kabila nun, sumapit siya sa wakas dahil sa katandaan, at nabitag siya ng kamatayan at kinuha siya.

⁸² Pagkatapos mula sa mga pasilyo ng Langit, sa pamamagitan ng isang babae, dumating ang isa pang dakilang Mandirigma, ang pinakadakila sa kanilang lahat, ang Diyos Mismo na nahayag sa laman, si Jesus Cristo. At sinabi Niya sa Israel kung gaano sila naging isang dakilang bayan, pero kinaharap sila ng kamatayan, sabi Niya, "Datapuwat sinasabi Ko sa inyo ang tungkol sa isa pang lupain. Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan. Kung hindi gayon ay sinabi Ko sana sa inyo. Masaya kayo sa inyong lupain, may mga tahanan kayo, may mga anak kayo. Pero inililibing n'yo ang bawat isa roon at para bang katapusan na 'yun."

⁸³ Nakita 'yun ni Job, sabi, "Kung mamatay ang isang punongkahoy, mabubuhay itong muli. Ngunit kapag ang tao ay nabubuwal at nalalagutan ng hininga, nasaan na siya? Pinararangalan siya ng kanyang mga anak at hindi niya ito nalalaman. Oh, ikubli Mo nawa ako sa libingan, itago Mo ako sa lihim na dako hanggang sa ang Iyong poot ay mawala!" Sabi niya, "Kung mamatay ang isang tao ay mabubuhay pa kaya siya?"

⁸⁴ Apat na libong taon bago 'yun, may hinahanap sila sa kabila ng libingang 'yun. Ang lahat ng dakilang mga bagay na ibinigay ng Diyos sa kanila, isang tahanan, isang pamilya at mga anak, at isang iglesya, at lahat na, at mga propeta, at mga dakilang tao hanggang sa panahong ito, pero ang bawat isa'y namatay at napunta sa kanyang libingan. Pero narito ang Isa at nagsabi, "Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan, at Ako'y paparoon at ipaghahanda kayo ng lugar." Kagaya ni Josue, sumapit Siya sa Kanyang Kadesh-barnea.

⁸⁵ Noong dumating ang Israel sa Kadesh-barnea... At ang Kadesh ang luklukan ng paghatol ng mundo noong panahong 'yun, pitong bukal mula sa isang malaking pangunahing bukal, ang ibig sabihin ay paghatol, katulad ng Bahay ng Diyos at ang mga Iglesya na lumalabas mula Rito. At si Josue, mula sa Kadesh-barnea, ay tumawid papunta sa lupang pangako upang dalhin pabalik ang katibayan.

86 Ngayon, sumapit si Jesus sa Kanyang *Kadesh*. Ano 'yun? Luklukan ng paghatol! Saan ito? Sa Kalbaryo, kung saan hinatulan Siya ng Diyos dahil sa mga kasalanan ng sanlibutan. Anong ginawa nila? Nakaharap Niya ang kamatayan, ang kabayaran ng Diyos. Upang ipakipagkasundo ang mga makasalanan sa Diyos, namatay Siya at tumawid sa ilog Jordan (ng kamatayan). Inilibing nila Siya.

87 Namatay Siya hanggang sa ang buwan at ang mga bituwin ay nahiya sa kanilang mga sarili. Namatay Siya hanggang sa ang lupa ay nanginig sa nerbiyos. Haya't nayanig hanggang sa ang mga bato ay dumausdos pababa mula sa mga bundok. Nayanig hanggang sa ayaw nang magliwanag ng mga bituwin, ayaw nang magliwanag ng buwan, at lumubog ang araw sa kalagitnaan ng araw. Namatay Siya! Talagang patay hanggang sa may isang Romano ang kumuha ng sampung-librang sibat at puwersahang isinalaksak ito nang husto sa Kanyang puso; tubig at Dugo. Patay na Siya! Tinawid Niya ang Jordan. At inilagay nila Siya sa libingan at iginulong ang isang—isang bato rito, na nangailangan ng isang daang katao para gawin 'yun. Patay na Siya! Nilagyan nila ito ng isang selyo ng Romano.

88 Pero noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay ay bumalik Siya mula sa ibayo ng Jordan, at nagsabi, “Ako Yaong namatay; at muling nabubuhay magpakailanman!”

Sabi ng ilan sa kanila, “Isang espiritu ang nakikita natin.”

89 Sabi, “Ako'y hipuin n'yo. May laman at buto ba ang isang espiritu na gaya Ko?” Sabi, “May makakain ba kayo? Dalhan n'yo Ako ng kung ano.” Binigyan nila Siya ng isda't tinapay. At kinain Niya ito. Siya ay isa ngang Tao!

90 Ano Siya? Nagdadala mismo pabalik ng katibayan na may isang Lupain na ating pupuntahan. Anong ginawa Niya? Siya, gaya ni Josue, nagdala Siya ng katibayan Nito. Sabi Niya, “Ngayon, kung gusto n'yo ng katibayan Nito, 'Magsisi kayo, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang Espiritu Santo.' Iyon ang katibayan na bumangon sa Akin. Ibibigay Ko sa inyo ang Paunang Katibayan ng inyong mana.” At pagkatapos anong nangyari? Sa Araw ng Pentecostes ay dumating ang Espiritu Santo sa mananampalataya.

91 Ngayon anong gagawin natin? Ipahayag natin ang ating mga kasalanan, ituring na patay na ang ating mga sarili't, mailibing na kasama Siya sa bautismo, bumangon na kasama Siya sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Para ano? “Maupo sa Sangkalangitan kasama Niya.” Doon ang kinaroroonan natin ngayong gabi, nakaupo (hindi sa pisikal) sa espirituwal, ang ating mga diwa, ang ating mga kaisipan, ang ating mga kaluluwa ay malayo sa mga alalahanin ng sanlibutan ngayon. Ano tayo? “Sa Makalangit na mga dako *kay* Cristo Jesus.” Paano tayo

makakapasok Dito? “Sa pamamagitan ng isang Espiritu,” Unang Mga Taga-Corinto, ika-12 kabanata, “sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat ng Espiritu Santo tungo sa isang Katawan ng mga mananampalataya.” Ang mistikal na Kaharian ng Diyos!

⁹² Doon ay lumingon tayo at nakita kung saan dati tayong nagsisinungaling at nagnanakaw at nandaraya at naninigarilyo at gumagawa ng mga bagay na mali. Bumangon na tayo mula roon. Nasa Makalanagit na mga dako na tayo. Ano ito? Ang katibayan na balang araw ay magkakaroon tayo ng katawan na gaya ng Kanyang Sariling maluwalhating katawan. Ito ang eksaktong katibayan ng pagkabuhay na mag-uli, dahil, sa potensyal, bumangon na tayong kasama Niya, na sa potensyal ay namatay na tayo.

⁹³ Si William Branham na dating nabubuhay ay hindi na nabubuhay pa, patay na siya nang humigit-kumulang tatlumpung taon, na ngayon ay bagong nilalang na. Si Orman Neville na dating nabubuhay ay hindi na nabubuhay, namatay na siya nang maraming taon bago 'yun, ito'y isa nang bagong nilalang. Patay na si Orman Neville, ang—ang mangangarera ng kabayo, sugarol, o ano man siya noon, 'yung tao na dating nabubuhay ay patay na. Hindi ko alam, si Kapatid na Neville marahil ay hindi ganoon; pero kung ano man ito noon, siya'y nagkasala sa lahat ng 'yun, “Ang nagkasala ng pinakamaliit ay nagkasala sa kabuoan.” Kung ano ka man noon, na isa kang makasalan, haya't ganoon ka.

⁹⁴ At patay ka noon dahil iniibig mo ang mga bagay ng sanlibutan. At hangga't mahal mo pa rin ang sanlibutan, kahit na gaano mo pang ipahayag na *narito* ka sa itaas, siyanga't wala ka rito sa itaas, *nariyan* ka pa sa ibaba. “Ang umiibig sa sanlibutan o sa mga bagay ng sanlibutan, ay hindi pa pumasok sa kanya ang pag-ibig ng Diyos.”

⁹⁵ Pero kapag pumaitaas na kayo sa ibabaw nun tungo sa mga bagay na Makalangit at pagkatapos ay itinuon n'yo ang inyong mga pag-iisip sa mga bagay na nasa itaas, dahil kayo'y ibinangon na kasama ni Cristo at ngayon ay magkasamang nakaupo sa Makalangit na mga dako. Sadya mismong makakatiyak kayo, walang anumang makakapanakit sa inyo, walang kahit ano. Maging kamatayan ay walang... hindi makakagawa ng anuman sa inyo. Nakaangkla na kayo kay Cristo. Ang katiyakan, ang Paunang Katibayan, nahatid na ang paunang-bayad, tinanggap n'yo na Ito. Anong ginawa n'yo? Bumangon kayong kasama Siya sa pagkabuhay na mag-uli.

⁹⁶ Lumingon ako sa kung nasaan ako dati. Ngayon ako'y nasa itaas na nun. Bakit? Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay itinaas Niya ako, at heto ako ngayong nakaupo sa Makalangit na mga dako kay Cristo. Oh, grabe! Hayan nga. Pagkatapos

naging isa nang bagong Aklat ang Biblia. Kung magkagayon ay binabasa n'yo na Ito sa pamamagitan ng espirituwal na mga mata at espirituwal na pang-unawa. Pagkatapos ay makikita n'yo na ang mga pangngalan at mga panghalip, at pagkatapos makikita n'yo na ang mga ugnayan. . . at mga pang-ugnay, ang ibig kong sabihin, at iba pa, sa Biblia.

⁹⁷ Oh, kung saan sinasabi Nito. . . Sinasabi nila, “Sinasalungat Nito ang Sarili Nito”; *narito* pa kasi kayo sa ibaba na nagbabasa. Pumunta kayo *rito* sa itaas at basahin n'yo Ito, magiging ganap na iba nga ito. Nakita n'yo? Siyanga. Siyanga. Siyanga, ganap na bago na ang kahulugan Nito kapag binasa n'yo Ito sa Espiritu. Oo.

Itong isa pang katanungan ay hindi naman talaga isang tanong, sinasabi lang nito:

172. Namuhay ako nang maraming taon sa pagkakasala hanggang sa natagpuan ko ang Panginoon. Mangyari nga, Kapatid na Branham, nagkasala akong muli at hindi ako karapat-dapat na lumapit sa harapan mo sa banal na dakong ito. Mangyaring sabihin mo sa akin kung maaari ba akong maipanumbalik nang buo muli. Mangyaring tulungan mo ako, Kapatid na Branham, mayroon akong demonyo sa loob ko. Tulungan mo ako! Maaari mo bang ipatong ang iyong mga kamay sa akin at ipanumbalik akong muli?

⁹⁸ Ngayon, hayan ang isang tanong, hindi ko ito napansin noong binasa ko ito kanina. Hayan ang isang tanong. Ngayon, kung ang tao po ay narito ngayon. . . Hayaan n'yong basahin ko lamang ito sa inyo:

Namuhay ako—namuhay ako nang maraming taon sa kasalanan hanggang sa natagpuan ko ang Panginoon. Mangyari nga, Kapatid na Branham. . . (Kita n'yo?) . . . nagkasala akong muli at hindi ako karapat-dapat na lumapit sa harapan mo sa banal na dakong ito. Mangyaring sabihin mo sa akin kung maaari akong maipanumbalik nang buo muli.

⁹⁹ Oo! Hindi ka nagkasala, kaibigan ko, nang napakalayo sa Diyos na anupa't maaari ka pang maipanumbalik. Kung labis kang nagkasala na hindi ka na maipanunumbalik, hindi mo na sana kailanman *gugustuhin* pa na maipanumbalik. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngunit hangga't mayroong Isang Bagay na kumakaugnay sa iyong puso, ay nasa linya ka pa rin ng pagpapanumbalik.

¹⁰⁰ “Ang magkasala sa maliit ay nagkasala na sa kabuoan.” Maraming beses na akong nagkasala, araw-araw ay nakakagawa ang bawat isa sa atin ng mga bagay na hindi natin gustong gawin.

¹⁰¹ Nasa puso natin ito. . . Dahil di mo nais maging ganoon o disin sana'y hindi mo itatanong ang tanong na ito. Kita n'yo? Yan mismo ay isang patunay na kinakaugnay ka pa rin ng Diyos. Marahil ay ninerbiyos ka, marahil sinasabi ni Satanas sa'yo na hindi ka na maaaring maipanumbalik. Nagsisinungaling siya, siyanga, nagsisinungaling siya. Dahil, tingnan n'yo, kung mayroong lalim, na tumatawag, kinakailangang may isang Lalim na tutugon sa tawag. Kung may pagkagutom para sa Isang Bagay, ang Bagay na 'yun ay siguradong naroon sa kung saan man dahil kung hindi'y wala ka sanang pagkagutom para Rito. Kita n'yo?

¹⁰² Gaya nga ng sinabi ko nang maraming beses na. Bago nagkaroon ng palikpik ang isang isda sa likod niya, kinakailangang may tubig muna para paglanguyan niya dahil kung hindi'y hindi sana siyang nagkapalikpik. Bago nagkaroon ng punongkahoy na tutubo sa lupa, kinakailangang mayroon munang lupa bago magkaroon ng isang punongkahoy, dahil kinailangang mauna ang lupa para pagtubuan ng puno.

¹⁰³ Ngayon, bago magkaroon ng nilikha, kinakailangan na may isang Manlilikha para lumikha ng sangnilikha. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ngayon, hangga't nangangailangan ka't nagugutom na makabalik sa Diyos, may Diyos sa kung saang dako na tumatawag sa'yo, kita n'yo, kung hindi'y hindi ka sana nagugutom. Talagang mayroong Manlilikha!

¹⁰⁴ Ngayon, kung iyong. . . May isang dako na kapag tinawiran mo ay hindi ka na makababalik pa, pero kapag nariyan ka lang uli sa siya ring kalagayan mo noon. Ipinapakita nito na *nahulog* ka lamang mula sa biyaya. Ang pagtalikod ay hindi *pagkapahamak*. Gusto kong sabihin sa akin ng sinuman kung saan ang pagtalikod ay *pagkapahamak*, at patunayan niya sa Biblia. Ang tumalikod ay hindi napahamak, nawala lang siya sa pakikisama.

¹⁰⁵ Tumalikod noon ang Israel pero hindi kailanman nila nawaglit ang kanilang tipan, ang nawaglit nila ay ang kanilang—kanilang mga papuri't kagalakan.

¹⁰⁶ Nawaglit kay David ang kagalakan ng kanyang kaligtasan noong inangkin niya si Batseba, na asawa ni Urias, pero di niya kailanman naiwaglit ang kanyang kaligtasan. Hindi niya sinabi “ibalik Mo sa akin ang aking kaligtasan,” ang sabi, “Ibalik Mo sa akin ang *kagalakan* ng aking kaligtasan.”

¹⁰⁷ Oh, napakaraming legalismo na ganito sa panahon ngayon, 'yang “huwag humipo, huwag tumikim.” Hindi n'yo ginagawa ang mga bagay bunsod ng pagkalegalismo.

¹⁰⁸ Hindi ako pumunta sa simbahang ito ngayong gabi bunsod ng legalismo. Nakakaramdam ako ng pagod, ako—ako—ako'y ninenerbiyos, nababalisa ako, nagugulumihan ako ukol sa bagay na nasa harapan ko, sinisilaban ang puso ko, hanggang

sa ang puso ko'y pumipintig nang mabilis. Pinupulikat ako, may kirot, sa sandaling ito mismo, sadyang pabalik-balik, pataas-baba sa banda *rito*. Nanghihina, ninenerbiyos, nanginginig; hahawak *dito* at pipigain; sikip na sikip ang mga daliri ko sa paa sa aking sapatos. Sari-sari ang nararamdaman ko pero nagpunta pa rin dito. Bakit ako pumunta, kung ganoon? Dahil mahal ko ang Diyos. Sa mabuhay o sa mamatay, marapat lamang na ako'y tumindig dito para sa Kanya. Hindi dahil sa kailangan ko. Walang anuman sa Kanya kung pumunta man ako o hindi. Ako. . . Kung mamatay ako ay pupunta ako ng Langit, ano't anuman. Pero pumupunta ako dahil mahal ko Siya. Naglilingkod kayo sa Diyos dahil mahal n'yo Siya, hindi dahil sa inoobliga kayong gawin ito. Dahil 'yan sa sapat na pag-ibig n'yo sa Kanya!

¹⁰⁹ Hindi sa tapat ako sa asawa ko dahil natatakot akong ididiborsyo niya ako. Tapat ako sa kanya dahil mahal ko siya. Wala nang iba pang babae sa mundo kundi siya. Yan ang dahilan kung bakit tapat ako sa kanya. Hindi dahil. . . Kung makagawa ako ng pagkakamali't sa palagay ng mga tao'y may nagawa akong mali, ako'y lalapit sa kanya, sasabihin, "Meda, mahal, hindi ko sinasadyang gawin 'yun." Patatawarin niya ako *rito*, alam kong patatawarin niya ako. Patatawarin ko siya; mahal ko siya. Anupa't aking-akin siyang patatawarin; kanyang patatawarin ako. Pero hindi ko gagawin 'yun para sa kahit anuman, mahal na mahal ko siya kaya hindi ko gagawin 'yun. Hindi dahil sa iniisip ko na baka di niya ako patawarin, kundi dahil sa kaisipan na mahal na mahal ko siya kaya hindang-hindi ko gagawin 'yun sa una pa lang. At hangga't ganoon ang pagmamahal ko sa kanya, hindi ko kailanman gagawin 'yun; at kung mahal niya ako sa paraan na marapat niyang gawin, maging siya ay hindi rin 'yun gagawin.

¹¹⁰ At kung iniibig n'yo ang Panginoon nang buong puso n'yo, hindi n'yo na kailangang mag-alala tungkol sa mga bagay na ito. Kung magkamali ka, ay hindi mo sinasadyang magkasala, siyanga't nakagawa ka lang ng isang bagay na mali. Kita n'yo, natalisod ka lang. Tunay, narito ka sa pakikipagbuklod na ito, tapos dumausdos ka lang muli *rito* sa maruming kalagayan na ito *rito*.

¹¹¹ Pero ano ito? Para nga itong isang-isang agila. Minsan nakakita ako. . . dito sa Cincinnati Zoo, isinama ko si Sarah at ipinasyal siya dun. Kung may bagay akong nakita na nakakasakit sa akin, ay ang makita ang isang bagay na nakakulong.

¹¹² Talagang hindi ko kayang makakita ng kahit ano sa isang hawla, maski maliliit na ibon. At alam ko na kayo na mga kababaihan ay may maliliit na ibon, pinapakawalan n'yo sila.

¹¹³ Noong bata pa ako, madalas kong sinasabi, "Kung magkaroon ako ng pagkakataon, kapag lumaki na ako, papasok

ako nang lihim sa bawat bahay at pakakawalan ko sila na mga kaawa-awang munting nilalang.” Siyanga, po. Sabi ko. . . Nakadapo roon sa ilalim ng mainit na araw, at sinasabihan nila, “Hah, hah, hah,” at ’yung babae ay naroon sa likurang balkonahe na humihitit ng sigarilyo, at ’yung kaawa-awang munting ibon ay naroon sa initan. Wala ngang magawa ang ibon, nakadapo lang siya roon. At hindi siya isinilang para sa ganoon! Sa isip-isip ko, “Naku, kung lihim lang akong makakapasok dun at pakakawalan siya, hindi siya magtatagal dun.” Kita n’yo?

¹¹⁴ Ayaw kong makakita ng anumang nakakulong. Ayaw kong nakakakita ng isang tao na tinatawag ang kanyang sarili na *Cristiano* tapos ay nakakulong sa kung anong uri ng kredo ng iglesya, “Hindi ako makapagsabi ng, ‘Amen.’ Hindi ko—hindi ko maaaring paniwalaan *Yan*. Ang sabi kasi ng pastor, ‘Huwag kang maniwala Riyan.’” Oh, naku, grabe! Ipinanganak nga kayong malaya.

¹¹⁵ Pagkatapos paano kaya ang isang malaking agila? Siya’y isang ibon na panghimpapawid. Namamalagi siya sa dako roon sa ibabaw ng mga ulap. Doon siya pumupunta sa umaga. Napakataas, wala ngang makakasunod sa kanya! Wala nang iba pang ibon. . . Magkakapira-piraso siya sa ere kung susubukan niyang sundan ang agila. Ang agila’y isang natatanging-likha na ibon.

¹¹⁶ At pagkatapos ay may nakahuli sa kanya sa isang gawang-tao na bitag, nahuli nung tao ang malaking agilang ito at inilagay siya sa hawla na ito. At ’yung kaawa-awang ibon. . . Pinagmasdan ko siya’t sinisilaban ang puso ko. Tumingin siya sa gilid doon nang *paganoon* at hindi niya alam kung paano makakalabas ng hawlang ’yun. Lumilipat siya roon sa kabila, at alam niya—alam niya na dapat siyang lumipad, at sinisimulan niyang ikampay ang mga pakpak niya. At heto na siya, aba’y kumakalabog ang ulo niya sa mga rehas at nalalagas dahil sa pagkampay ng mga balahibo mula sa kanyang braso, o mga balahibo sa pakpak dito, at maging sa buong ulo niya, hanggang sa magdugo ito. Kumakalabog siya nang napakalakas sa rehas na ’yun hanggang sa mapabagsak siya nito nang dire-diretso sa kanyang likod. At malulupasay siya roon at paiikutin ang mga matang mukhang pagod na, titingala sa himpapawid, “Siyanga’t doon ako nabibilang. Doon ang tahanan ko. Para roon ako isinilang. Pero, tingnan n’yo, pumapagitan sa akin ay hayan nga ang isang hawla. Buweno, ang alam ko lang, itutuon ko lang ang isip ko rito’t heto na ako,” tapos “sasalpok,” bumabalik lang siya nang bumabalik.

¹¹⁷ Sa isip-isip ko, “Oh, grabe, hindi ba’t kahindik-hindik ’yun! Sana ibenta na lang nila ito sa akin. Isasanla ko ang Ford ko para bilhin siya, kita n’yo, para lamang pakawalan siya.” Kita n’yo? Oh, labis akong nalungkot dahil dito, ang kaawa-awang malaking ibon na ’yun doon, kinakampay hanggang sa malagas

ang mga balahibo. . . Sa isip-isip ko, “Grabeng kahindik-hindik na tanawin ito na nakita ko kailanman.”

118 Hindi, binabawi ko, ang pinaka kahindik-hindik pala na tanawing nakita ko kailanman ay ang isang tao na ipinanganak para maging anak ng Diyos at pagkatapos ay nakakulong sa kung anong kredo. At tumitingin siya roon sa itaas at makikita ang isang Diyos na talagang ibig niyang paglingkuran, pero sadyang hindi niya magawa. Hindi nila siya papayagang gawin 'yun, kita n'yo, nakakulong kasi siya. Isang kahindik-hindik na bagay 'yun.

119 Oo, oo, kapatid na babae, kapatid na lalaki, kung sino man ang sumulat nito, kung nahulog ka *rito* ay hindi ibig sabihin nun na napahamak ka na. Isa ka lamang agila na napunta sa isang kulungan, ganoon lang. Nakakulong ka lang dito muli sa kasalanan. Hindi mo gustong mamalagi roon, 'yan ang dahilan kung bakit nakatingala ka. Hayan nga, “Oh, Kapatid na Branham, lumalagi ako roon noon, may daan ba rito?” Oo.

120 Naalala ko ang isang araw (oh, isang maliit na batang lalaki pa ako noon) naglalakad-lakad ako sa likuran ng isang bukid, at mayroong. . . may nagtali ng isang uwak para ilayo ito sa mais. At 'yung kaawa-awang ibon ay halos mamatay na sa gutom. Hindi ko kayang maging ganoong kasama para gawin 'yun. Tinalian 'yung uwak sa paa, at nakain na ng ibon na 'yun ang lahat ng nakapaligid, hindi na ito makaabot pa sa iba. Hinayaan lang siya nung magsasaka. At kaawa-awa na 'yung uwak—'yung uwak na anupa't di na siya makabangon. Ito nga'y. . . At lumilipad ang ibang mga uwak at tumatawag, “Caw, caw, caw.” Sa madaling salita, para bang sinasabi, “Halika na, Johnny Crow! Parating na ang taglamig, pumunta na tayo sa timog!” Pero hindi magawa ng uwak, nakatali siya.

121 Mangyari nga na isang araw napadaan ang isang lalaki at nakita ang kaawa-awang uwak, kaya lumapit siya't pinulot siya at kinalagan siya, sabi, “Sige na, munting uwak, malaya ka na.” Kita n'yo? At pagkatapos, ang una n'yo ngang masasaksihan, palakad-lakad na sa palibot ang uwak.

122 Heto na 'yung ibang mga uwak, sumisigaw, “Halika na, Johnny Crow! Caw, caw, caw! Pumunta na tayo ng timog, darating na ang taglamig. Mamamatay ka diyan sa lamig.”

123 Kung makakalingon siya, ay sasabihin nito, “Hindi ko kaya.” Kita n'yo, nasanay na siya sa pagkakatali, kita n'yo, ang akala niya'y nakatali pa rin siya.

124 Maaaring iniisip mong nakatali ka, rin, kapatid na lalaki, kapatid na babae, na sumulat ng tanong na ito. Maaaring iniisip mong itinali ka ng diyablo riyon, pero ang diyablo'y nagsisinungaling. Minsang naparito sa lupa ang isang Lalaki, si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, kinalagan ka Niya sa pagkakatali. Hindi mo ba ito pinaniniwalaan; hindi mo

kailangang manatili riyan, hindi, po, malaya ka. Siyanga. Namatay Siya na kahalili mo upang alisin ang iyong mga pagkakasala. Manampalataya ka lamang sa Kanya, ikampay mo lang ang iyong mga pakpak at lumipad palayo kasama ang iba pa sa kanila. Huwag kang manatili diyan sa hukay ng diyablo. Huwag, po.

Ngayon. **Maaari bang patungan mo ako ng mga kamay at lumaya roon?**

¹²⁵ Minamahal na kapatid na babae, minamahal na kapatid na lalaki, oo naman, gusto kitang patungan ng mga kamay, pero hindi ka palalayain nun. Ang magpapalaya sa iyo, ikaw ay... ay ang pagkaunawa mo na malaya ka na. Nakalagan ka na sa pagkakatali. Hindi mo na kailangang mag-alala tungkol sa pagiging malaya, malaya ka na! Pinalaya ka na ni Jesus. Huwag ka nang pasasakop muli sa pamatok ng pagkaalipin. Malayang-malaya ka na. Hindi mo na kailangang pumasok sa gusot. Ang pagpapatong ng kamay ko sa 'yo ay isa lamang tradisyon. Maaari nga nating gawin 'yun. Siyanga't, sige, maaari kong gawin 'yun, pero hindi ka pa rin mapapalaya nun hanggang sa tanggapin mo kung anong ginawa na Niya para sa 'yo; na ako mismo'y magsasabi "Panginoon, sinasampalatayanan ko po Ito."

¹²⁶ Buweno, ipatong mo lang ang mga kamay mo sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya, sabihin, "Panginoon, sinasampalatayanan ko po Ito," ikaw nga'y iaahon. Siyanga, ipahayag mo ang iyong mga kasalanan. Kita n'yo, "Ang siyang nagtatago ng kanyang mga pagsalansang ay hindi sasagana, siyanga't nagtatago ng kanyang mga pagsalansang. Subalit ang nagpapahayag ng kanyang mga kasalanan..." Doon kayo magtatamo ng kalayaan at pag-aaring ganap, kapag nakahanda na kayong sabihin na "Nagkasala ako, mali ako." Iyon ang sinabi mo rito:

Ako'y nahulog, nagkasala ako. Mali talaga ako! May pagkakataon ba para ako'y lubos na maipanumbalik muli?

¹²⁷ Walang pasubali! Sa sandaling hinangad mo Ito, ipinapakita nun na inihulog ng Diyos ang Pansagip na Lubid upang ihango ka. Umahon ka lang sa Kanyang Pansagip na Lubid ng pananampalataya at panalangin, umakyat ka lang kasama ang iba pang mga agila nang paganoon, kumampay ka palayo. Siyanga.

¹²⁸ Oo, ang pagpapatong ng mga kamay, 'yun nga'y—'yun nga'y magandang bagay, naniniwala ako roon. Naniniwala ako sa pagpapatong ng mga kamay, siyanga't naniniwala ako. Pero hindi 'yun ang gumagawa nito. Maaaari kong patungan ng mga kamay ang mga tao, linggo-linggo, at wala pa rin itong magagawang kabutihan hanggang sa tanggapin mo kung ano ang ginawa na ni *Cristo* para sa iyo. Ito lamang ay pagpapatibay ko, ang pagpapatong ng mga kamay. Pinatungan nila ng mga

kamay ang matatanda. Ginawa nila ang mga bagay na 'yun, ito ang kanilang pagpapatibay sa harapan ng Diyos na ibinibigay nila ang kanilang pananampalataya rito, ibinibigay nila ang kanilang paniniwala rito. Kita n'yo? Kung minsan, gaya ng mga bagay. . .

129 Napakaraming beses na mali ang unawa ng ibang mga tao sa akin. Aking—aking. . . kagabi. Ako'y nakahimpil sa pagitan ng mga opinyon, at sadyang di ko—di ko alam kung saang gawi ako babaling. Ako—ako'y, sa sarili ko, ako'y nasa pagitan ng mga opinyon, hindi ko—hindi ko alam ang gagawin ko. Umaasa akong heto ang iglesyang natural lamang, o ang iglesyang espirituwal na nangakaupo rito, ang ibig kong sabihin, sa palagay ko'y di nila inirekord ito kaya sasabihin ko lamang ang nais kong sabihin. Sila. . .

130 Gusto ko ng isang munting puso-sa-pusong pakikipag-usap sa inyo, at sa paniwala ko'y gagawin ko nga ito, ano't anuman. May isa akong tala rito na may isang Kasulatan, kung. . . Kung hindi ako, ako sana'y mangungusap tungkol sa *Ang Ebanghelismo Sa Huling Panahon*, kung ano ba ang panghuling-panahon na ebanghelismo. Marahil ay itatabi ko muna ito para sa ibang araw. Gusto kong makipag-usap sa inyo mula sa puso ko, siyanga't mula lamang sa kaibuturan ng puso ko.

131 Nasa pagitan ako ng dalawang opinyon, hindi ko alam kung saan ako babaling. Ninanais ko ang inyong panalangin. Itong kaunting paghikok dito, ukol sa mga—sa mga bagay na ito, ay para lang makakuha ng pagkakataon na makausap kayo nang ilang minuto. May iba pang bagay akong gustong sabihin sa inyo, kita n'yo. Napagtatanto kong malapit na talaga tayo sa isang bagay. Ngayon, huwag kayong mamali ng pagkaunawa sa akin, huwag n'yong gawin 'yun. Kita n'yo?

132 Pinuntahan ako ng isang lalaki noong isang araw at pinalungkot nun ang damdamin ko. Sa isip-isip ko, "Sigurado naman akong hindi naman ako naging ganoon kaluwag sa pagtuturo." Kita n'yo? Sabi niya, "Kapatid na Branham, sa ilang mga araw ay ooperahan na ako, sa susunod na labinlima, dalawampung araw." Sabi, "Sa palagay mo ba'y darating na si Jesus, na anupa't di ko na kailangan pang sumailalim sa operasyon na 'yun?" Kita n'yo? Nakita n'yo, nagkakamali kayo ng pagkaunawa Rito. Huwag n'yong gawin 'yun! Kita n'yo, huwag n'yong gawin 'yun. Maaaring hindi pa darating si Jesus sa loob ng susunod na limang libong taon. Hindi ko alam. Maaaring paparito na Siya ngayong gabi. Maaaring dumating Siya bukas. Hindi ko alam kung kailan Siya darating, walang ibang nakakaalam. Sa totoo lang, ni hindi Niya nga alam sa Sarili Niya. Iyon ang sabi Niya. Walang nakakaalam.

133 Pero alam n'yo bang hinihintay Siyang dumating ni Pablo araw-araw? Si Juan, sa Pulo ng Patmos, ay nag-akalang

mabubuhay siya upang makita 'yun. Sigurado rin si Ireneo noon na Siya'y darating sa panahon niya. Lahat ng iba pa sa kanila, sina Polycarpo, San Martin, sa lahat ng nagdaang kapanahunan. Sa isip ni Luther, "Tunay ngang ito na!" Sabi ni Wesley, "Ito na ang panahon." Sina Charles Finney, John Knox, Calvin, Spurgeon, bawat isa sa kanila'y nagsabi, "Ito na ang panahon!" Si Billy Sunday, hanggang sa makaabot sa araw na ito rito, ang bawat isa, "Ito na ang panahon!"

¹³⁴ Hinihintay natin ito. Hindi natin alam kung kailan ang oras. Naniniwala akong ito na ang panahong ito, at gusto kong itaas ang ilaw ng sulo. At makinig kayo, ako . . . Unawain n'yo ito nang tama! Gusto kong ipamuhay ang bawat sandali ng buhay ko na naghihintay na darating na Siya sa sunod na sandali, pero gusto kong magpatuloy na parang bang ito'y sampung libong taon pa mula ngayon. Gusto kong maghasik pa rin ng mga binhi, anihin ang ani. Gusto kong ipangaral ang Ebanghelyo at magpatuloy na gaya ng palagi ko nang ginagawa. Magpatuloy sa ganoon, na nakatingala ang mga mata ko, nagbabantay; hinihila ang salansanan . . . kinukuha ang mga bigkis, ang butil. At pagkatapos sa susunod na taon ay maghahasik muli ako ng mga pananim ko, "Panginoon, akala ko'y paririto Ka na noong nakaraang taon, pero kung hindi Ka man dumating, baka darating Ka na sa taon na ito. Kaya naman ilalagay ko ang mga pananim ko upang palakihin ang mga anak ko. Kung magtatagal Ka pa, may kakainin sila; kung hindi Ka pa darating, hihintayin Kita." Hayan nga, kita n'yo, basta magpatuloy lang kayo nang normal.

¹³⁵ Kung sa pakiwari ko'y darating na Siya kinaumagahan, ngayong gabi ay ipapangaral ko pa rin ang siya ring mensahe na ipinapangaral ko ngayon. Kung sa pakiwari ko'y darating na Siya sa kinaumagahan, hindi ako lalabas at ibebenta ang kotse ko, hindi ako pupunta't gagawin 'yung *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*. Magpapatuloy lang ako gaya ng karaniwan, dahil bawat sandali ay hinihintay ko ang pagdating Niya. Dahil maaari Siyang dumating para lang sa iyo, maaaring oras mo na ngayong gabi. Baka oras ko na ngayong gabi. Hindi ko alam. Pero isa nga rito'y magiging oras natin.

¹³⁶ At anong kaibhan nun kung nabubuhay ako rito o nakalibing ako roon? Dahil kung nabayaran na ako sa parusang kamatayan, paroroon ako bago ang sinumang tao na nabubuhay. Siyanga. "Sinasabi ko ito," Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, ika-5 kabanata, "Sinasabi ko ito sa inyo sa mga Utos ng Panginoon. Tayong nabubuhay at natitira hanggang sa Pagparito ng Panginoon ay hindi hahadlang o mauuna sa anumang paraan sa mga natutulog. Sapagkat ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, at ang mga namatay kay Cristo ay babangon muna," ang pribilehiyo ng mga namatay ay sila'y babangon muna. Sa ganoong paraan natin malalaman na malapit na ito, kita n'yo.

“Pagkatapos tayong nabubuhay na natitira ay babaguhin, sa isang iglap, sa isang kisap-mata, at aagawin kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin.”

¹³⁷ Kaya't ano ang kaibhan kung namatay ako sa panahon ni Noe, kung namatay ako sa panahon ni Abraham, kung namatay ako sa panahon ng mga apostol, kung namatay ako dalawang linggo na ang nakalipas, o ngayon mismo? Anong magiging kaibhan? Paroroon ako sa isang iglap, sa isang kisap-mata, nagpapahinga lamang ako hanggang sa oras na 'yun.

¹³⁸ Ngayon, ang pagtalima ay sa Panginoon. Gaya ni Jacob, sa ika-49 na kabanata, sabi niya, “Kapag ang Shiloh ay dumating, at ang pagtalima ng mga bayan ay sa Kanya. Hindi mahihwalay ang tungkod ng pagkapuno hanggang. . . sa pagitan ng mga paa, hanggang sa ang Shiloh ay dumating,” na tinutukoy si Juda, “at ang pagtalima ng mga bayan ay sa Kanya.”

¹³⁹ Ngayon, napakaraming tao ang naghahanap ng simbahan, na isang malaking grupo raw ng mga tao na aagawing magkakasama, isang iglesya, isang denominasyon, kung anong kredo para aagawin. Hindi 'yun. Siyanga't hindi talaga 'yun.

¹⁴⁰ Ang pagtalimang kalipunan ng mga tao, kapag tinawag na ng Diyos ang Kanyang kawan, maaaring kukuha Siya ng dalawa mula sa Jeffersonville, dalawa mula sa Indiana, dalawa mula sa Kentucky, dalawa mula sa Mississippi. Ganoon mismo ang sinabi Niya; hindi ganoong eksaktong mga salita, pero sinabi Niya, “May dalawang naroon sa bukid,” doon sa may liwanag pa ng araw, “Kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa. May dalawa sa higaan,” sa kabilang panig naman ng mundo ay gabi, “Kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa.” Kita n'yo?

¹⁴¹ Ang pagtitipon sa mga tao ay hindi magiging base sa magkaka-angkan, na para sa isang grupo *rito*. Ito'y magiging pandaigdigan na pagkabuhay na mag-uling pagtitipon, at darating ang Pag-agaw sa ganoon ding paraan. Dahil ang sabi Niya, “Siyanga't ang isa'y natutulog sa pagbabantay na *ito*, ang isa naman ay sa pagbabantay na *yun*, ang isa sa. . . hanggang dun sa ikapitong pagbabantay. At pagkatapos noong dumating ang Lalaking Ikakasal, nagising silang lahat, bawat isa, mula pa roon sa panahon ng Genesis hanggang sa katapusan ng Apocalipsis. Nagising ang bawat isa sa kanila, ganoon nga, para maghanda nang pumasok.”

¹⁴² Ngayon, kita n'yo, ipinapakita Niya na ang lahat ng mga patay ay mabubuhay mula sa libingan, sa Kanyang Pagparito, ang matuwid, ang Nobya, ang mga natutulog na nasa libingan ay babangon sa pagkabuhay na mag-uli. Pagkatapos ipinapakita Niya na dito sa mga tao na nabubuhay pa sa lupa, haya't may isa *rito* at isa *roon*, hindi ito isang grupo ng mga tao na nagkakatipon sa isang maliit na grupo. “Sapagkat may isa sa bukid, o dalawa sa bukid, kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa,” may isa mula sa

Iglesya sa oras ng liwanag ng umaga. Sa kabilang panig naman ng lupa, “May dalawa sa higaan, kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa.” Tama ba?

¹⁴³ Kaya 'yung pagtitipon ay para kay Cristo maging ako man ay nasa Jeffersonville, maging ako man ay nasa Sweden, maging ako. . . At saang panig man ito, siyanga't ang kalipunan ay magiging ukol sa Pastol. Kita n'yo? At pagkatapos sama-sama tayong aagawin sa pagkabuhay na mag-uli para salubungin ang Panginoon sa alapaap. Magdadatingan ang mga tao mula sa lahat ng bahagi ng lupa, na mga nabubuhay. Ang mga tao naman na namatay na, at iba pa, ay babangon. At sama-sama ang Iglesias na aagawin sama-sama upang salubungin ang Panginoon sa alapaap. Kita n'yo?

¹⁴⁴ Ang Kanyang Pagparito ay pandaigdigang. Hindi 'yun pagparito lang sa Louisville. Hindi 'yun pagparoon sa mga Baptist, sa mga Presbyterian. Ito'y magiging, “makikita ng mga may dalisay na puso ang Diyos,” at ang pagkabuhay na mag-uli't kalipunan ay magmumula sa lahat ng dako.

¹⁴⁵ At, ngayon, kailan ito darating? Baka ngayong gabi, baka bukas, baka sa taong ito, baka sa limampung taon, baka sa sandaang taon, baka sa sanlibo pang taon. Hindi ko alam. Walang sinupamang iba ang nakakaalam. Pero ating—tayo, ako at kayo, dapat mamuhay tayo ngayong gabi na para bang ito'y sa gabing ito na.

¹⁴⁶ Siyanga't, ngayon, sa paggawa gaya ng pagsaysay n'yo rito, “Ako—ako'y sasalang sa operasyon.” Buweno, kung kailangan ka talagang operahan, at wala kang pananampalataya para gumaling, sige lang at magpaopera ka.

¹⁴⁷ Kung bibili ako ng isang—isang. . . May dumating at sumulat sa akin ng isang maikling liham noong isang araw, at ang sabi, isang—isang magandang liham, at ang sabi, “Kapatid na Branham, hindi ko alam ang gagawin.” Sabi, “Ako at ang maybahay ko'y naging napakatapat sa Diyos sa abot ng makakaya namin. Pinalaki namin ang aming mga anak.” At sabi, “Ngayon, ang iniisip ko,” sabi, “mayroon kaming. . . nag-ipon kami para sa isang bukid, bumili ng isang bukid.” At sabi, “Gustong-gusto namin ito! May bukal kasi roon; may isang—isang sapa na dumadaloy sa lugar na 'yun.” Doon daw ito sa Oregon. At sabi, “Nabalitaan namin na bibisita ka sa Oregon. Sasabihin ko sa iyo kung anong napagpasyahan naming gawin. Alam namin na. . . Naisip namin na itabi ito para sa mga bata, dahil walang Cristiano sa kanila.” Sabi, “Naisip naming itabi namin ito para sa kanila dahil siyanga't maiiwan sila rito para maranasan ang tribulasyon, at itabi ito para sa kanila at para iwan sila ng kung anong bagay, dahil naniniwala kami na kami'y mapapasama sa Pag-agaw. Kung kaya't di namin alam kung anong gagawin tungkol doon, kaya naman marahil pagdating

mo ay ibibigay na lamang namin 'yung bukid sa iyo, kita mo, at pagkatapos ikaw na ang bahala kung ano man ang nais mong gawin dito."

¹⁴⁸ Sumulat ako bilang tugon, sabi ko, "Kayo nga'y tunay na maalalahanin na naisip n'yo ang inyong mga anak."

¹⁴⁹ Sabi, "Ako at si nanay ay pumupunta roon, at sa gabi." Sabi, "Nakahanda na akong magretiro, at," sabi, "ang mga masasayang oras na mayroon kami, kapag tumatawid kami sa bukid, na pinagmamasdan ang bukal, at tumatayo roon na pinupuri ang Diyos."

¹⁵⁰ Sabi ko, "Ipagpatuloy n'yo mismo ang ginagawa n'yong 'yan, mamuhay kayo na gaya n'yan, sa pisikal, sa materyal. Basta magpatuloy lang sa pananatili hanggang sa pagparito Niya. Kita n'yo, basta patuloy lang sa pananatili rito, magpatuloy lang hanggang sa pagparito Niya."

¹⁵¹ Magplano kayo, sige lang, gawin n'yo, "Kung loloobin ng Panginoon! Kung loobin ng Panginoon! Gagawin ko *ito*, kung loobin ng Panginoon." Maaaring dumating na Siya bago ang oras na 'yun. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sige't manatili lang sa pagpapatuloy tulad ng ginagawa n'yo hanggang sa . . . Pero panatilihin n'yong maigi ang inyong kaluluwa, siyanga't, maaari Siyang dumating anumang oras. Kita n'yo, maging handa. Dahil, kita n'yo, maaaring dumating Siya para sa *inyo* anumang minuto, anumang segundo, sa susunod na tibok ng puso, sa susunod na hininga, maaaring dumating Siya para sa inyo. Pero ipagpatuloy n'yo lamang ang ginagawa n'yo kung ano man ang ibig n'yo, basta't ito'y totoo't kapita-pitagan at matuwid, sige lang at ipagpatuloy n'yong gawin ito.

¹⁵² Ngayon, alam nating may kinakaharap tayo. Alam ko ito; alam n'yo ito. Di ko—di ko—di ko alam kung saang gawi babaling. Naaalala n'yo mga nasa apat na taon na ang nakalipas, isang araw sa Chicago, dumating sa akin ang Espiritu ng Panginoon at sabi ko, "Ito na 'yun! At tapos na ang rebaybal, at tinanggihan ng Amerika ang kanyang pagkakataon." Nasa teyp ito. "At hindi na magkakaroon pa. Ang huli niyang pagkakataon ay tinanggihan niya."

¹⁵³ Gusto kong masdan n'yo. May nakakaalam ba kung anong petsa 'yun na nasa teyp? Mayroon tayo nun. Mayroon nun sina Leo at Gene. Narinig ko 'yun dito kamakailan lang. Inilathala 'yun ni Boze sa kanyang pahayagan. At kaya masdan n'yo mismo kung anong nangyari mula noon, kita n'yo, huminto na ang rebaybal.

¹⁵⁴ Sinabi ko 'yun doon sa—sa Blue Lake noong isang gabi, at bumaling ang isang munting lalaki kinaumagahan, sabi, "Marahil sinasabi-sabi ni Kapatid na Branham na wala na ito sa mga Pentecostal, pero hindi ako! Luwalhatiin ang Diyos! Hallelujah," at kung anu-ano pa. Kita n'yo, pero sadyang hindi

alam nung munting lalaki kung sa aling dulo ng tambuli siya umiihip. Kita n'yo, hindi niya nauunawaan. Kita n'yo, hindi niya alam. Ayos lang, na magpakita siya ng sigasig, ayos lang 'yun.

¹⁵⁵ Pero tumingin kayo sa paligid! Anong ginagawa nila? Anong nangyari sa mga tao? Anong nangyari sa rebaybal? Anong nangyari kina Billy Graham, Oral Roberts, sa iba pa sa kanila? Nasaan na ba ang nagaganap na rebaybal? Tapos na ito! Humupa na ang usok. Naihasik na ang mga binhi. Tapos na ang pagtitipon. Naapula na ang apoy. (Sa lumang templo ng Roma, sa vesta, kapag namatay na ang mga apoy, doon sa dambana, magsisiuwi na ang mga mangangalakal.) Ngayon, nakikita nating wala nang rebaybal. Hindi ito 'yung sigasig.

¹⁵⁶ Pagkatapos naisip ko 'yung tungkol doon sa ilog noong 1936, binubulay ko ang sinabi Niya. Anong nangyari dun? Marami sa inyo ang nakakaalam. Batang-bata pa ako noon, at nagbabautismo ng una kong pagbabautismo noong bumaba 'yung Anghel ng Panginoon at tumayo Siya sa kinaroroonan ko. Sabi ng ilang tao, "Hindi mo 'yun nakita." Tapos pinatunayan ng siyensiya na nakita ko nga. Kita n'yo? Kita n'yo?

¹⁵⁷ Ngayon, anong sabi Niya roon? "Kung papaano noon, kung papaanong isinugo si Juan Bautista upang mauna sa unang pagparito ni Cristo, mauuna ang iyong Mensahe sa ikalawang Pagparito."

¹⁵⁸ Minasdan ko 'yun sa buong lupa, nakarating ito sa buong mundo. Halos magdamag lang, sumiklab ang rebaybal sa lahat ng dako. Nagningas ang mga apoy ng rebaybal sa lahat ng dako, naganap ang pinakamatinding rebaybal na nasaksihan natin kailanman. Pero mayroon bang anumang bagay bago 'yun? Wala kahit isa! Gayong dalawang linggo bago 'yun, narinig ko ang isang lalaki na nagsalita sa New Albany, sabi, "Naniniwala dati ang mga tao sa malaking ingay na 'yun tungkol—tungkol sa rebaybal, gaya ni Billy Sunday at sila." Sabi, "Alam nating hindi na maaaring magkaroon pa ng mga ganoon. Ang gusto ng mga tao'y kongkretong katibayan; wala namang ganoong bagay!" Noong lumilikha sila ng malaking ingay, kasabay nun ay pinasabog ng Diyos ang pinakamatinding rebaybal na nagkaroon tayo mula pa sa sinauna nilang mga siglo, mas maraming tao ang naligtas: milyun-milyon.

¹⁵⁹ Ipinapakita ng istatistika na tumatagal ang mensahe ng isang tao nang tatlong taon, kahit alinman sa kanila, tapos mabubuhay siya sa kanyang reputasyon sa nalalabing panahon hanggang sa tawagin na siya ng Diyos. Ngayon, ganoon nga ito mula pa kay Cristo, ang sa Kanya ay tatlo't kalahating taon, kita n'yo. At ipinapakita na ganoon nga hanggang, kina Spurgeon, Knox, Calvin, sa pagtugaygay, ipinapakita nun na tatlo hanggang tatlo't kalahating taon ang takda para sa pagmiministryo ng isang tao. Ang iba pa... Mauupos na ang

kanyang kandila, nabubuhay na lang siya sa kung anong reputasyon niya sa nakaraan. Kung naging masama siya, ang kanyang—kanyang mga gawa'y lalakup sa kanya; kung siya ay naging tama, lalakup ang mga gawa niya sa kanya. Ganoon mismo.

¹⁶⁰ Ngayon, anong ibig sabihin nun? Matagal na akong nangangaral sa iglesyang ito rito at sinasabi sa inyo na “Naniniwala akong may isang dakilang darating.” Naniniwala ako at sinabi na sa inyo na “Naniniwala akong sinusuportahan ng mga Kasulatan na magkakaroon ang huling kapanahunan ng iglesya ng isang mensahero.” Naniniwala ako roon. Hinintay ko ang taong 'yun na magpakita, nakabantay ako sa tuwina.

¹⁶¹ Haya't nakikita ko ang isang tao na lilitaw, maririnig ko siya, isang kilalang tao na magsisimulang lumaganap, napapansin kong ang mensahe niya'y malayo sa Biblia. Nakikita ko siyang bumabalik doon sa isang sulok. Kita n'yo? Makikita ko ang isa pang lumilitaw, na pumupunta roon, pero hindi siya sumasali sa mga agila, nananatili siya sa gitna ng mga maka-denominasyong uwak. Nananatili sa banda *rito*, sa kanyang organisasyon, at isa pa nagpapapasok ng mas maraming mga miyembro at iba pa. Minatyagan ko ito, nakikita ko itong humuhupa.

¹⁶² Naiisip ko, “Diyos, nasaan na kaya ang isang 'yun na magpapanumbalik sa Pananampalataya ng mga magulang sa mga anak? Saan itanim ang mga Binhing 'yun? Nasaan na ito? Ano na po ba ang magaganap?”

¹⁶³ Ngayon dumating na sa ganito. Kung—kung ang Mensaheng 'yun doon sa ilog noong araw na 'yun, kung ito na 'yun, siyanga't nalalapit na ang Pagparito ng Panginoon, na halos narito na. Kung hindi, mayroong pagkalma bago ang bagyo. Hindi ko alam. Hindi Niya ito ipinahayag sa akin. Sinusubukan kong pagnilay-nilayan, “Iyon ba ang opisyal Niyang Mensahe? Iyon ba ang gusto Niyang sabihin ko? Iyon ba 'yung panahon na nag-atas Siya? Iyon na bang lahat ito? Kung ito na nga, tayo ay talagang, napakalapit na. Maaaring mas huli na kaysa sa inaakala n'yo. Kung hindi, mayroong pagkalma bago ang isang bagyo.

¹⁶⁴ Ngayon, may sumulat sa akin kamakailan lang, at tinanong ako, sabi, “Kung hindi ka naniniwalang dadaan ang iglesya sa panahon ng Kapighatian, paano naman ang Apocalipsis 13, siyanga't paano sila nagtagumpay sa pamamagitan ng Dugo ng Cordero at sa kanilang patotoo?” Tinanong nung tao ang katanungan na 'yun. Napaisip ako. Napagtatanto n'yo bang ang unang tatlong kabanata ng Apocalipsis ay tumatalakay sa Iglesya sa kapanahunan ng Iglesya? Iyon ang panahon ng Kapighatian, hindi ang kapanahunan ng Iglesya; aagawin ang Iglesya at aakyat sa ika-4 na kabanata ng Apocalipsis, hindi na lilitaw muli hanggang sa ika-19 na kabanata kapag dumating na Ito kasama ni Jesus. Ganoon nga. Yun nga'y sa panahon

ng Kapighatian, wala 'yung kinalaman sa Iglesya sa anumang paraan.

¹⁶⁵ Lahat ng magagandang pangakong ito ng mga dakilang bagay na nakita n'yo sa Biblia, gaya ng kung anong magaganap, 'yun ay doon sa kaharian ng mga Judio, hindi rito sa mga Gentil. Naniniwala akong titipunin sila ng isang ito na inaasahang darating para ipanumbalik ang Pananampalataya ng mga tao, na ipinangako noon. At ang tanging paraan na makukuha ko 'yun, ay dahil sa sinabi Niya, "Kaagad pagkatapos ng Mensaheng ito, na, ang lupa ay masusunog sa init, apoy." Hayaan n'yo akong basahin 'yun mismo sa inyo habang narito tayo, at masdan n'yo kung anong sinasabi Nito.

¹⁶⁶ At ngayon ang munting mensaheng ito ng Kaharian, marahil ay ipapangal ko 'yun sa susunod na Linggo ng umaga, kung loobin ng Panginoon, kita n'yo, at kung kalooban ng Panginoon.

¹⁶⁷ Ngayon masdan n'yo rito, heto ang pagdating ni Juan, Malakias 3:

Narito, aking... sinusugo ang aking sugo bago ang Aking... sinusugo ang aking sugo, at siya'y maghahanda ng daan sa harap ko: at ang Panginoon, na inyong hinahanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo, at ang sugo ng tipan, na inyong kinaliligayahan: narito, siya'y dumarating, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

¹⁶⁸ Nakita n'yo 'yun? Malakias 3. Sa Mateo ngayon, masdan n'yo ang ika-11 kabanata ng Mateo, at pakinggan n'yo ito, at sa ika-6 na talata. Basahin natin ngayon ang Mala-... Mateo 11, nagsasalita si Jesus. At ngayon simulan natin sa ika-11 kabanata:

At nangyari, na nang matapos nang masabi ni Jesus ang Kanyang mga utos sa kaniyang labingdalawang alagad, ay umalis siya roon upang magturo at mangaral sa mga bayan nila.

At nang marinig nga ni Juan sa... bilanguan ang mga gawa ni Cristo, ay nagpasugo siya ng dalawa sa kaniyang mga alagad,

At sinabi sa kaniya, Ikaw baga yaong paririto, o hihintayin namin ang iba?

¹⁶⁹ Nakita n'yo ang kapanglawan ng propeta? Alam Niyang may mangyayari, pero hindi niya tiyak kung saan ito, kita n'yo, kita n'yo, sadyang kung ano ang mangyayari. "Ikaw ba Siya?" pagkatapos niya Siyang maipahayag.

At si Jesus... sa kanila'y sinabi, Magsiparoon kayo at ipakita ninyo kay Juan ang mga bagay na inyong nangaririnig at nangakikita:

Ang mga bulag ay nangakakakita, . . . ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, . . . ang mga bingi ay nangakaririnig, at ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting balita sa kanila.

At mapalad, ang sinomang hindi makasumpong ng anomang katitisan sa akin.

At samantalang ang mga ito'y nagsisiyaon ng kanilang lakad, ay nagpasimula si Jesus na magsalita sa mga karamihan tungkol kay Juan, . . . (Ngayon pakinggan n'yo!) . . . Ano ang nilabas ninyo upang masdan sa ilang? Isa bang tambo na inuuga ng hangin? (Hindi, hindi ganoon si Juan, walang pakikipagkompromiso kay Juan.)

. . . ano ang nilabas ninyo upang makita? Isang taong nararamtan ng mga damit na maseselan? (Sa madaling salita, nakabaligtad na kulyar, alam n'yo na, at paham at bantog na tao) Narito, ang mga nagsisipanamit ng maseselang damit ay nangasa mga bahay ng mga hari. (Yaong humahalik sa mga sanggol, at nagkakasal sa mga bata, at naglilibing sa mga patay, at, alam n'yo na, o nakikisama-sama sa mga hari. Ganoong uri, hindi siya humahawak ng pandalawahang kamay na Tabak. Kita n'yo?)

. . . Ngayon, ano ang nilabas ninyo upang masdan sa ilang? Isang tao sa kanyang pananamit, at inuuga ng hangin?

. . . Isang taong nararamtan ng mga damit na maseselan? narito, ang mga nagsisipanamit ng maseselan ay nangasa mga palasyo ng mga hari.

Datapuwa't ano ang nilabas ninyo upang makita? Isa bang propeta? oo, sinasabi ko sa inyo, at lalo pang higit kay sa isang propeta.

170 Masdan n'yo! "Sapagkat ito . . ." Pakinggan n'yo ngayon, ito nga'y ang Sariling Pananalita ni Jesus:

Ito, yaong tungkol sa kaniya'y nasusulat, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng Aking Pananampalataya, at kanyang . . . mukha, at siya'y maghahanda sa daan sa unahan mo.

171 Ngayon masdan n'yo ang Malakias 3:

Narito, aking . . . sinusugo ang aking sugo, at siya'y maghahanda ng daan sa harap ko: . . . (Malakias 3 po, hindi Malakias 4.)

172 Ngayon masdan n'yo ang Malakias 4:

Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, oo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang mga dayami: . . . ang araw ay dumarating na susunog sa kanila, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, . . . anopa't hindi magiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man ('yan ang Kapighatian at pagkawasak, kita n'yo, na parating.)

Nguni't sa inyo na nangatakatok sa aking pangalan ay sisikat ang Araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak (ang pagparito ng Panginoon); at kayo'y magsisilabas na gaya. . . kayo ay magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silungan. (Gaya 'yun sa paglabas sa pastulan, lalakad nang palabas.)

. . . inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na 'yun na aking gawin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

173 Sa ibang paraan, ang matuwid, sa pagbabalik kasama ni Cristo sa lupa, ay tatapak sa mga abo. Kapag nakikita n'yo ang mga taong ito, na mayayabang, arogante, kasuklam-suklam, mapaghanap ng maipipintas, at sa kabila nun ay nag-aangking Cristiano, sila'y walang iba kundi mga abo. Ganoon mismo. Yan ang sinasabi ng Kasulatan. Kita n'yo? Ngayon masdan.

Alalahanin. . . ang kautusan ni Moises na aking lingkod, na aking iniutos. . . sa kaniya sa Horeb para sa buong Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at mga kahatulan.

Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating yaong dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON:

Bago mismo ang Araw na 'yun, ang pagbabalik ng Panginoon, mauunang darating si Elias.

174 Buweno, tandaan n'yo, sa hinaharap pa. Ngayon, hindi ito maaaring ang pagdating ni Juan. Siya nga si Elias, pero darating si Elias nang limang beses, ngayon. J-e-s-u-s, p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a, b-i-y-a-y-a. Kita n'yo, ang bilang na *lima* ay ang bilang ng "biyaya." Magpapakita si Elias nang makalima: isang beses ay si Elias; bilang Eliseo; bilang Juan; sa dulo ng mga Gentil; at maging kasama ni Moises sa mga Judio. Ganap na bilang, ang ganap na propeta, ganap na mensahero, mahigpit, matapang. Kita n'yo? Pansinin:

. . . aking susuguin sa inyo si Elias. . . bago dumating ang Araw, dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON:

At kaniyang papagbabaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga puso ng mga anak sa mga magulang, baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.

175 Kita n'yo, hindi ang unang pagdating ng pagpapakilala; si Juan 'yun, dahil hindi pa nasunog ang lupa na parang dayami, hindi pa tinapakan ng mga matuwid ang abo ng mga masama. Pero bago mismo ito mangyari, ay darating si Eliseo. At anong gagawin niya? Ipanunumbalik niya ang Pananampalataya ng mga anak sa magulang, sa orihinal na Pananampalataya ng Biblia.

176 Kapag may nakikita akong dumarating na lalaki, naiisip ko, "Siya na siguro ito. Kapag may isang tao na sumisikat, tingnan n'yo siya, kung saan nagsisipagtungo ang mga iglesya." Anong ginagawa niya? Isang libong milyang lihis sa Biblia. Anong ginagawa niya? Paroo't parito, nauubusan ng hangin at lumalagpak. Kita n'yo, "May anyo ng kabanalan at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito." Itinatangi ang Pananampalataya, hindi naniniwala sa Biblia, nagsasabi't, tumatangan sa mga kredo, mga denominasyon, nag-aanak ng makadenominasyong mga anak. Tiyak na babagsak ito. Hayun siya't bumabagsak mismo.

177 Nasaan na 'yung maghahasik ng Binhing 'yun para sa Iglesya sa huling panahon? Nasaan na 'yung nahihinog na Binhi, 'yung ipinangakong Elias? At pagkatapos na pagkatapos ng kanyang mga araw ay papasok na ang malaking Kapighatian at pagsunog sa lupa.

178 At pagkatapos nun ang pagbabalik na ng Iglesya at ng Nobya, tatapakan ng Nobya at ni Cristo ang kanilang mga abo, doon sa Milenyum, kapag ang lupa'y nilinis na ng apoy. At doon sila'y maghahari. At ang mga pagano na di kailanman nakapakinig ng Ebanghelyo ay babangunin sa panahong 'yan, at mahahayag ang mga anak ng Diyos. Kung siya'y maghahari, kinakailangan na mayroon siyang paghaharian, mayroon siyang nasasakupan. "At sila'y namahala't nagharing kasama ni Cristo," at namahala si Cristo sa pamamagitan ng pamalong bakal, sa mga bansa. Pagkatapos ang Ebanghelyo. . . Pagkatapos ang nahayag na mga anak ng Diyos, taglay na ang kapangyarihang tulad ng sa Kanya noong narito pa Siya, kita n'yo, darating ang Milenyum sa Paghaharing 'yun, kita n'yo, sa ibabaw ng mga abo.

179 Kaya ako ay naghihintay para sa isang bagay. Dumaan na ba ito sa atin na di natin namalayan dahil sa kababaan nito't napalampas natin? Naganap na kaya ito't naiwan na ang iglesya sa kanyang mga kasalanan? Kung ganoon, huli na kaysa sa inaakala n'yo. Kung hindi pa, kung ganoon ay may isang darating na may dalang Mensahe na talagang ayon sa Biblia,

at iikot sa mundo ang isang napakabilis na gawa. Malilimbag ang mga binhi sa mga diyaryo, sa mga babasahin, hanggang sa marinig Ito ng bawat itinalagang Binhi ng Diyos. Walang makalalapit sa kanila maliban na ilapit sila ng Ama, at bawat isa na inilapit ng Ama ay maririnig Ito at lalapit. Siyanga't, maririnig ng itinalagang Binhi ang Salitang 'yun.

¹⁸⁰ Pagkatapos kapag naganap na 'yun, ito'y magiging isang kalipunan. At magpapakita si Jesus, at aalis na ang Iglesya mula sa lahat ng dako ng mundo nang gaya nun, sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli, sila'y papanhik.

¹⁸¹ Magiging tulad ba ito noong dumating si Juan, at maging ang mga hinirang na alagad ay hindi man lang ito nalaman? Sabi nila, "Bakit sinabi ng mga eskriba na darating muna si Elias?"

¹⁸² Sabi Niya, "Dumating na siya't hindi n'yo ito alam." Pero sabi, "Ginawa na nila kung ano ang sinabi nilang gagawin nila sa kanya." Napakabilis ng mensahe niya, tingnan n'yo, sa buong Israel, at nangyari lang ito sa isang maliit na da-... dalawa—dalawang maliit na lugar: sa ibaba lang ng Jerusalem at sa dako roon, o doon sa Enon kung saan nagpupunta si Juan para magbautismo, at doon mismo sa may ilog kung saan siya nagbabaustismo, natuyo 'yung ilog. Sa loob lang ng anim na buwan, at 'yung buong pagpapakilala sa Mesiyas ay naganap. Kita n'yo?

¹⁸³ May hindi ba tayo nakita? Huli na ba kaysa sa inaakala natin? Ito po'y isang puso-sa-pusong pag-uusap ngayon. Ito nga'y, ngayong gabi lang, para mismo... Oo, tayo lang—tayo lang ang nag-uusap dito. Mas huli na ba kaysa sa iniisip n'yo? Iyon na kaya 'yung Mensahe dun sa may ilog noong araw na 'yun? Dumaan na ba ito, at kaya napalampas Ito ng mga tao? Iyon na ba Ito? Kung ganoon talaga ngang huling-huli na kaysa sa inaakala natin. Kailan kaya ito mangyayari? Hindi ko alam. Maaaring mamayang gabi na. Maaaring sa susunod na limampung taon pa. Hindi ko alam kung kailan ito mangyayari, magpapatuloy lang ako gaya ng ginagawa ko ngayon. Buweno, ano ba ito? May hinihintay pa ba ako?

¹⁸⁴ Nagkaroon ako ng kakaibang panaginip kagabi, buong araw ako nitong binagabag. Kadalasan hindi naman ako gaanong nananaginip. Pero nagkaroon nga ako ng isang panaginip...

¹⁸⁵ Pumupunta ako sa kung saan-saan, at puspusan kong ipinapangaral ang Mensaheng ito dati at mayroon akong makikita na isa rito at isa roon na tinatanggap Ito. Pagbalik ko at puspusan kong ipinapangaral Itong Mensahe ulit at tila bang itinataas ng mga tao ang kanilang ilong at lumalayo. Anong nangyayari? Nagkasala na ba silang lubos hanggang sa lagpas na sila sa kanilang araw ng biyaya? Nakapasok na ba ang pinakahuli? Tapos na kaya? Naghihintay na lamang ba tayo

ng pagkawasak? Ang lahat ba nitong maliliit na digmaan na nangyayari na gaya n'yan ay mga pagbabadya na mismo?

¹⁸⁶ Talagang may nagbabadyang mangyari. Bago ito mangyari, wala na ang Iglesya. Ako nga'y lubos na di sumasang-ayon na ang Iglesya'y paroroon sa Kapighatian! Paano n'yong ilalayo ang isang tipo mula sa isang anti-tipo? Kita n'yo? Nasa daong na si Noe noon bago pa man pumatak ang isang patak ng ulan. Nakalabas na si Lot ng Sodoma bago pa man bumagsak ang apoy. Kita n'yo? Sabi ni Jesus, "Kung paano noong mga araw na 'yun ay ganoon din ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." Hindi kailangang tumayo sa paghatol ang Iglesya, ito'y nakay Cristo na.

¹⁸⁷ Ang kailangan natin ay kasakdalan ng mga banal. Hindi maunawaan ng mga banal, kita n'yo, na papunta na sila... Sadyang hindi nila alam kung anong iisipin, kita n'yo. Ngayon tayo'y...

¹⁸⁸ Kung tama 'yun... Kung hindi, may paparating na sadyang mabilis, magkakaroon ng isang pagsambul. Nagmamatyag ako, hindi ko alam kung saan babaling.

¹⁸⁹ Kagabi nanaginip ako. (Pagkatapos ay magtatapos na ako.) Nanaginip ako, kakaibang...

¹⁹⁰ Nakahiga ako roon na kausap ang aking maybahay, tungkol sa papara... Kapapanalangin lang namin, at ako... May isa nga, si munting Dallas, siya'y tumawag na may naipasok siya na kung ano sa kanyang tainga, at pumaroon ako... Dumudugo, at kinailangan niyang maitakbo sa doktor. At pumaroon ako para manalangin, at ang sabi ng Espiritu Santo, "Ayos lang." Kita n'yo?

¹⁹¹ Heto na siya, maayos na. Sabi ng doktor, "Aba, ang akala ko'y magkakaroon ka na ng..." Sabi, "Napinsala mo ang eardrum mo, sumabog, at dumaloy mula rito ang dugo, at kung anu-ano pa." Sadyang lahat... Noong sumunod na pagbalik—pagbalik namin, wala na siyang sinabing kahit na ano tungkol dun. Hindi alam kung anong nangyari, kita n'yo, pero wala nang impeksyon, walang kahit na ano. Kita n'yo?

¹⁹² Mangyaring pagkatapos may tumawag, at pumasok daw ako sa kuwarta at nanalangin. Mga isa pang araw tumatawag sila, sinasabi, "Tapos na ito. Mabuti't napakainam na! Nagpapatuloy na!"

¹⁹³ At kausap ko ang maybahay ko, sabi ko, "Honey, sa loob ng halos isang taon at apat na buwan hindi ko halos alam kung saang gawi ako babaling." Sabi ko, "Hindi ko na alam kung ano." Sabi niya... Pinag-uusapan namin ang tungkol sa pagkilos na 'yun. Sabi ko, "Hindi ko alam ang gagawin, nakatayo ako't napapaisip. Hinihintay ba natin... Ang isang dakilang propeta na 'yun ng Diyos... na darating na sa eksena para isambulat ang bagay na 'yun? Malalaman kaya ito ng publiko?"

¹⁹⁴ Sa isip-isip ko, “Salungat ’yun sa Kasulatan. Hindi, nga: ‘Darating Siya sa oras na hindi n’yo iniisip.’” Kita n’yo? At hindi ko alam ang gagawin. Hindi ba natin ito namamalayan? Sa isip-isip ko, “Ayaw kong magpahapay-hapay lang dito sa bahay.” Naisip ko. . . At nawa hindi ito nakateyp; kung nakateyp ito, sirain n’yo ang teyp o isantabi ito. Kita n’yo? Ngayon sabi niya, kung. . . sabi ko, “Kung ito na nga ’yun, mas malapit na kami kaysa sa inaakala namin.”

¹⁹⁵ May isang bagay na kailangan. . . na mangyayari. Alinman sa may kailangang mangyari sa akin ngayon. At hindi ko makita kung bakit hindi Niya ako hinayaan noong naroon pa ako sa bangkong ’yun noong isang araw, na haya’t, kita n’yo, kung wala nang iba pang gagawin. Bakit? Bakit hindi ako yumao? Anong nangyari? May gagawin pa ba akong ibang bagay? Sa isip-isip ko, “Buweno, kung ito ang Mensahe ko, tila nga magtataas ang mga tao ng ilong nila’t tatalikuran Ito.”

¹⁹⁶ Pagkatapos, may Bagay na tumatawag sa akin sa banyagang mga dako. Naririnig ko ang tawag sa ibayong-dagat, nagmumula sa lahat ng dako.

¹⁹⁷ Kararating lang ng liham noong isang araw, nagsusulat si Kapatid na Ligger ng isang—isang aklat patungkol sa pagtitipon na ’yun sa Durban. Sabi niya, “Wala itong katulad. Hindi pa kailanman nakaranas ng ganoong pagyayanig ang Aprika. Sa loob ng isang gabi’y nagkaroon ang maitim na lupain ng Aprika ng pagyayanig na di pa nila kailanman naranasan noon sa kanilang buhay.” Siyanga, doon sa gitna ng mga pagano.

¹⁹⁸ Tumingin ako roon, nakita ko ’yung mga kaawa-awang itim, na mga minamahal na tao, nakita ko ang pagtrato ng mga tao roon sa kanila na para bang. . . mas masahol pa sa mga alipin. Nakita ko ang isang munting batang lalaki roon na. . . at aking. . . na nagtratrabaho roon, at sabi ko. . . Sa batang ’yun, iyo ngang. . . Kayo na mga kababaihan ay di n’yo nga kayang gawin ’yung ganoong karami sa dalawang araw [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] o tatlong araw, kahit na gaano pa man kayong kasikap magtratrabaho, ’yung gaya sa kailangang gawin nung batang lalaking ’yun sa isang araw. Natutulong siya sa isang paleta sa isang lumang silid-hugasan, halos apat na talampakan ang haba’t apat na talampakan ang lapad, nakabaluktot siya dun. At nakakakuha lang siya ng isang libra sa isang buwan, katumbas ’yun ng dalawang dolyar at walumpung sentimo. At hindi siya pinapayagan na kainin kahit man lang ’yung mga tira-tira mula sa mesa, kundi sa isang balde lang ng giniling na mais; sangkatlo nito, almusal niya; sangkatlo nito sa tanghalian; at ’yung natitirang sangkatlo ay hapunan niya sa gabi. Nagtratrabaho hanggang alas diyes, o alas onse, alas dose; gigising kinaumagahan na aalagaan ang sanggol at lahat na ng iba pa, at pakikintabin ang hagdanan at pupunasan ang kotse ng amo. At ’yung malaki’t, matandang, matabang nanay ay walang

ginagawa kundi maupo lang doon at nilalagitik ang mga kuko sa kamay at umiinom ng tsaa, tamad, walang pakinabang.

199 Mistula bang kinailangang trabahuin nung batang 'yun ang lahat na gawain. Inuubo siya, at para ba siyang may sipon, na gumaganoon “Hauh, hauh, hauh.” At isang araw tumingin ako roon, sabi ko, “Siyanga’t ang batang lalaki na 'yun. . . Bakit di mo siya dalhin sa pagtitipon?”

200 “Isa kasi siyang kaffir.” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Ibig sabihin nun ay isang “basagulero.” Kaya naman pala nai-iskandalo sila sa ganoong tawag sa kanya. Ako, din man. Haya’t ang lalaking 'yun ay kapatid ko. At naroon siya. Hindi siya isang alipin. Walang kinalaman ang kulay niya roon. Kapatid ko siya. At naroon siya sa ganoong kalagayan.

201 Lumabas ako, tinawag siya “Thomas.” Nakakapagsalita ng tatlong lingguwahe 'yung binata. At sabi ko, “Thomas?”

202 Bumaling siya, lumuhod at itinaas ang mga kamay, ang sabi, “Opo, amo.”

203 Sabi ko, “Tumayo ka. Hindi mo ako amo, kapatid mo ako.” Niyakap ko siya. Tiningnan niya ako nang paganoon, at tumulo ang malalaking patak ng luha sa kanyang mga pisngi. Sabi ko, “Thomas.”

204 At dumating ang Espiritu Santo at nagkaroon ako ng isang pangitain. May bagay ako na sinabi sa kanya. At sabi niya, “Opo, amo. Totoo 'yan. Ganyan na ganyan po.”

205 Sabi ko, “Thomas, umalis na sa'yo ang ubo, at hindi ka na magkakaroon nun kailanman.” At nawala nga.

206 Palihim na nagsusuksok noon ang mga tao ng pera sa bulsa ko, nagkaroon ako halos ng sandaan at walumpung *libra* na perang papel (katumbas ang isa nun ng dalawang dolyar at walumpung sentimo). At natakot akong ibigay 'yun sa kanya; natatakot ako na matagpuan siya nung amo na mayroon siya nun, iisipin kasi nilang ninakaw niya 'yun at bubugbugin siya hanggang mamatay. Tapos ang sabi ko—ang sabi ko sa amo, sabi ko, “Mahal ko—mahal ko ang binatilyong ito. Hayaan mo akong bigyan siya ng kaunting pera.”

“Oh, huwag! Huwag! Pinapamihasa mo siya.”

207 Sabi ko, “Ikaw man ay masyadong namimihasa.” Kita n'yo? “Anong inihihilata mo rito? At wala kang ginagawa. Ginagawa ng binatilyong ito ang lahat ng trabaho at hinahayaan mo siyang mamatay sa gutom. May—may nanay siya na balo at kapatid na babae na nagdurusa sa sakit, at pagkatapos ang ibinibigay mo lang sa kanya ay isang dolyar. . . dalawang dolyar at walumpung sentimo sa isang buwan.” Sabi ko, “Aani ka balang araw dahil diyan! May dalawang milyong puti at halos sandaang milyong itim. Magkakaroon kayo ng isang pag-aalsa.”

Sabi, “Huwag mong sasabihin ’yan sa Amerika, ’yang kung anong nagaganap dito.”

208 Sabi ko, “Sinong magsasabi sa akin na manahimik ako? Ang Diyos lamang.” Sabi, “Hindi kataka-takang may kahinaan ng loob ang mga tao, dahil sa pagmamaltrato na gaya n’yan.” [Blangkong bahagi ng teyp—Pat.] Hayan nga. At ipinagtanggol ko sila.

209 Isang araw ilang ministro, na nakabaligtad ang kulyar, nakabigote, haya’t nagpunta sila sa Rhodesia.

210 Inilipad ako ng isang green pilot sa isa roon sa mga tropikong bagyo, tapos lumipad nang dalawang milya na para bang, sa itaas ng himpapawid, ay pabali-baligtad. Hindi namin alam kung pataob ba; ’yung eroplano’y nagpabali-baligtad. At sa dulo’y. . .Hindi na namin alam kung pababa ba o pataas. At sa dulo’y napaibabaw kami sa bagyo. At sukang-suka ako pagbaba namin!

211 Ang ilan sa mga ministrong ’yun, mga Pentecostal na ministro, sila’y sumakay sa isang kotse at ipinagmaneho ako papuntang Pretoria. Bumaba ako mula sa Katimugang Rhodesia; at bumaba ako roon at ako’y nasusuka, pa rin. At si Kapatid na Baxter ay nakaupo roon, na nasusuka, at si Billy Paul, nasusuka rin. At heto kami na bumabagtas dun sa loobang lugar; dako ’yun kung saan ’yung mga taong itim na gumawa ng kung ano ay kinakailangan lisanin ang kanilang tribo, dahil sa kung anong kasalanan sa tribo, at nagpupunta sila roon. At ayaw nila silang papasukin sa bayan, kaya naman naninirahan na lang sila sa ilalim ng yero o anumang matitirhan nila, napakarumi’t sari-sari mismo, ganoon nga. At dumaan sila roon, at nakita ko ang isang karatula roon, ang sabi, “Dalawampung milya bawat oras.” At ang mga lalaking ’yun ay nagpapatakbo ng animnapu’t limang milya kada oras. Ang mga kaawa-awang ina ay nagtatakbuhan doon na sunggab-sunggab ’yung maliliit na paslit, mga musmos, hubad, na naroon sa kalye, at ang edad ay mga nasa dalawang taong gulang hanggang lima o anim; sunggab-sunggab sila na maliliit na bata, at sumisigaw. Kamuntik na niyang mapatay ang apat sa kanila nang minsanan.

212 Tinapik ko siya sa balikat, sabi ko, “Uy! Anong nangyayari sa’yo?”

Lumingon siya, sabi, “Anong sabi mo?”

213 Sabi ko, “Ang sabi ko, ‘Anong nangyayari sa’yo?’ Magdahan-dahan ka!”

Sabi, “May utos kasi sa amin na ihatid ka roon sa tamang oras.”

214 Sabi ko, “Inuutusan kitang pahintuin mo.” At sabi niya. . . sabi ko, “Wala ka bang malasakit para sa mga taong ’yan?”

“Anong mga tao?”

Sabi ko, “Ang mga munting bata riyang na kamuntik mo nang sagasaan.”

Sabi, “Mga Kaffir ’yan!”

²¹⁵ Sabi ko, “Nakakahiya ka! Na tinatawag mo ang sarili mo na isang Cristiano?” Sabi ko, “Hindi mo ba alam na nag-aalala ang nanay na ’yun sa kanyang anak, na kung mapatay mo ito, ay ganoon din ’yun ang pag-aalala ng nanay mo sa iyo?” Sabi ko, “Maaaring ignorante ang nanay at walang pinag-aralan, pero ang pag-ibig ng isang nanay ay humihibik para sa kanyang anak. Wala kang karapatan para gawin ang bagay na tulad n’yan. At tinatawag mo ang sarili mo na . . .” Sabi ko, “Mangyari pa, ang sabi ng karatulang ’yun ‘dalawampung milya kada oras,’ sabi ng Biblia ko, ‘Ibigay kay Cesar ang kay Cesar.’” At bigla siyang yumuko. Sabi ko, “Bagalan mo hanggang dalawampung milya bawat oras at tratuhin mo sila na mga tao na parang kapatid mo sila.” Sabi ko, “Mahiya ka, sa bagay na gaya n’yan.” Oh, grabe, sumabog sila na parang mga palakang kumakain ng bolitas ng bala! Pero ano’t anuman, nasabi ko ang dapat kong sabihin, ang banat ko.

²¹⁶ At nagpunta kami roon at alam nung mga tao na sila ang ipinunta ko, para dalhin sa kanila ang—ang Mensahe ng Ebanghelyo. At ang Diyos . . .

²¹⁷ Nagpunta sila roon, at halo-halo sila, at inilagay ’yung puti sa isang panig, at ’yung itim, at doon nga’y ang mga itim ay hindi maaaring magsalita sa kanila ng isa mang salita, o kahit na ano. Dumako roon ang Espiritu Santo sa kalagitnaan at inilalabas ang mga maysakit at ang mga nagdurusa’t mga lumpo, at pinagagaling sila, at hinahayaan *silang* maupo rito na ’yung matinding kahinaan ng loob ay naiipon doon. Ipinapakita lang nun na nakikitungo ang Diyos sa mga mapagpakumbaba sa puso!

²¹⁸ Ngayon, isa po ’yung tao na di pa tumanggap sa Mensahe at isinusulat ang aklat na ’yun.

²¹⁹ Ngayon, ano ba ang dapat kong gawin? Ang bagay, haya’t anong dapat kong . . . Ako—ako ba’y babalik dun? Ngayon, kung tinatawag ako ng Diyos sa ebanghelismo, kung ganoon ay di ako maaaring tagakita at ebanghelista Niya nang sabay. Iyo ngang . . . heto . . . Hindi puwedeng maghalo ang mga tungkulin na ’yun, ako—ako nga’y . . . Kakalabanin ko lang ang hangin. Kung magiging ebanghelista ako, kailangang maging isang ebanghelista ako. Kung magiging tagakita Niya ako, papunta akong mag-isa sa mga bundok sa kung saan man at lalayo; na walang simbahan, walang kongregasyon, hanggang sa makarinig ako mula sa Panginoon; at lalabas at ibibigay Ito, at babalik uli. Kita n’yo? Isa sa mga bagay na ’yun, titingnan kung saan dun ang mas matimbang. O maaari ngang ito’y tapos na. Sadyang kinakailangan na isa sa tatlong bagay na ’yun, para sa

akin. Alinman sa tapos na ang Mensahe o kailangan kong gawin ang isa sa dalawang bagay na ito. Hindi ko alam kung anong gagawin.

²²⁰ Kagabi nanaginip ako, at napanaginipan kong papunta raw ako sa isang pagtitipon, at hindi pa ako nakakakita ng ganoong grupo ng mga tao! Nagtipon sila na parang isang malaking estadyo, sa abot ng makikita ko. At may sumundo sa akin na hindi si Billy, at dinala niya ako roon. At nasa silid ako, na nananalangin, at papunta ako sa . . . sa ilalim ng pahid; para bang katulad sa tawag nila rito, ipinapaunawa sa iyo, gaya ng isang kambyo kung saan nararamdaman kong patungo sa espirituwal na pagkilala. At sa pagpunta ko sinimulan akong kausapin nung tao at, noong kausapin niya ako, umalis 'yung espirituwal na pagkilala. Hindi ko na 'yun maramdaman. At pagkatapos sinubukan kong hatakin ang sarili ko pabalik dito; hindi ko magawa. Talagang hindi ko na 'yun magawa. At nanlupaypay ako.

²²¹ At sinimulan kong tingnan ang madla noong parating na kami dun. At noong tumingin na ako, sabi ko, “Buweno, mayroon akong isang teksto sa isip ko na alam kong ang mga organisasyong 'yun at 'yung paraan ng pagrato nila sa mga tao roon, kaya naman ipapangaral ko ang Ebanghelyong 'yun nang gaya mismo nun sa kanila sa abot ng aking makakaya.” At pagsampa ko sa entablado, umalis 'yun sa akin.

²²² Walang espirituwal na pagkilala, wala maski isa sa mga mensaheng 'yun; at tumayo ako roon, at sa kabila nun ay naghihintay ang mga tao. At ang sabi ko, “Ano kaya ang gagawin ko?”

²²³ At may Isang nagsabi, “Sige lang. Ituloy mo, kita mo,” ito'y ipagkakaloob daw pagsapit ko roon. “Magpatuloy ka lang.” Kita n'yo? Pagkatapos naroon na ako mismo sa entab- . . . at nagising na ako.

²²⁴ Marahil ay dahil iniisip ko 'yun, kaya nakapanaginip ako nang ganoon. Maaaring dahil dun. Maaaring espirituwal 'yung panaginip. Hindi ko alam. Wala akong paliwanag ukol dito, hindi ko—hindi ko alam ang ibig sabihin nito. Sadyang hindi ko masasabi sa inyo at di ko—di ko alam kung ano ito. Pero, kung ano man ito, nasa isa akong sangang-daan sa kung saan. Kita n'yo? Talagang may bagay, na bagay sa kung saan.

²²⁵ At ako'y—ako'y may nasasabing bagay, at labis na mali ang pagkaunawa sa akin. O makakapagsabi nang *ganito*, ako . . . ito'y *ganito* o *ganoon*, mauunawaan 'yun ng isang tao sa *ganitong* pagkaunawa. At ganoon nga, na may sasabihin ka na direktso mismo sa isang punto, at ang dinig naman Dito ng isa'y *paganito*, tapos sasabihin niya sa isa pa't maiiba nang kaunti, at doon sa kasunod ay mas mapapalayo na naman nang kaunti, sa kasunod ay mas mapapalayo na naman nang kaunti, pagkatapos Ito'y

talagang ibang-iba na. Maririnig Ito ng isang tao sa *ganitong* ibang paraan, lilihis siya rito, lilihis diyana, at lilihis doon. Kita n'yo, siyanga't layong-layo na kayo. At ganoon ito sa—sa mga pagtitipon, at iba pa, kapag kayo'y talagang may binibigyang-diin na isang Punto. Ngayon, maririnig ng mga Hinirang ang Punto na 'yun. Makukuha nila ang Puntong 'yun! Alam nila, dahil eksaktong sinabi ko na kung ano mismo ang ibig sabihin nito (Kita n'yo?) gaya nun, sadyang ang Mensahe lang, nang eksakto mismo.

²²⁶ Ngayon, at 'yun ang sinasabi ko, para bang mas dumarami ang maling pagkakaunawa sa tuwina, nang tuluy-tuloy. Ano ito? Ang . . . Naitanim ko na ba ang lahat ng mga Binhi na dapat itanim? Malapit na ba ang oras? Nakahanda na bang pumasok sa eksena ang dakilang mensaherong ito ngayon? Malapit na ba ang pagdating ng Panginoon? Tumatawag na ba mula sa lupang ito patungo sa isa pa? Tinawag ba Niya ako mula sa ebanghelismo?

²²⁷ Tandaan n'yo na ako'y . . . binanggit ko ito uli sa maybahay ko. Marami sa inyo sa aklat . . . Noong araw na inilatag ko ang batong panulok doon, halos tatlumpung taon na ang nakalipas, doon mismo sa sulok, ang sabi nito roon . . . Noong umagang 'yun noong ginising Niya ako, at nakaupo ako roon sa silid, maging bago pa man ako ikinasal o anumang haya't isa akong batang-bata pang mangangaral, sabi Niya, “Gawin mo ang gawain ng isang ebanghelista. Hindi . . . Hindi ka ebanghelista, kundi gawin mo ang *gawain* ng isa,” na sinipi ang isang Kasulatan sa akin. Noong tumakbo ako't nakita ko 'yung dalawang punongkahoy, na pinutol ang isa mula *rito* . . . oneness at trinidad. Hindi ko sila pinagkrus, itinanim ko sila nang ganoon. Pagkatapos nakita Niyang nahulog 'yung bunga sa kamay ko at pagkatapos itinuro ako patungo sa Kalbaryo. Ngayon pakinggan n'yo, ang sabi Niya, “Paglabas mo rito, basahin mo ang Ikalawang Timoteo 4, Ikalawang Timoteo 4.”

²²⁸ At iniwan ako Nitong nakaupo sa silid. Ni hindi ko alam na isa pala 'yung pangitain. Hindi ko alam kung anong itatawag dito noon. Inilalagak ko ang batong panulok (noong araw na 'yun) ng pundasyon doon. Nakasulat, nakalagay roon mismo sa batong panulok na 'yun ngayon, at ang sabi:

. . . gawin mo ang gawa ng evangelista, ganapin mo ang iyong ministerio.

Sapagka't darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita ay . . . magsisipagbunton sila para sa kanilang sarili na magkakasama ng mga turo—mga guro, sa pagkakaroon nila ng kati ng tainga;

. . . at mga ibabaling mula sa Katotohanan patungo sa katha. (Yan nga'y kapwa ang oneness at trinidad, napalampas nila ang . . .)

229 Ngayon, hindi Niya kailanman sinabi “ikaw ay ebanghelista,” ang sabi Niya, “Gawin mo ang *gawain* ng isa.” Kita n’yo? Ngayon, dumating na ba ang oras na ’yun? Ipagpapatuloy ko ba ’yun o dumating na ba ang oras para sa iba pang bagay? Hindi ko alam.

230 Yan nga ang gusto ko, isang puso-sa-pusong pakikipag-usap sa inyo. At lampas na ako sa oras ko ngayon, ng pagpapauwi sa inyo, patawad po’t pinatagal ko kayo.

231 Pero, kung loloobin ng Panginoon, bago dumating si Kapatid na Boze ng Linggo, baka pumunta ako nang Linggo ng umaga at marahil mangusap ako sa paksang ito ng *Ang Panggabing Ebanghelismo*, o parang ganoon, kita n’yo, kung ayos lang sa iyo, pastor. [Sinababi ni Kapatid na Neville, “Ayos ’yan! Purihin ang Diyos!”—Pat.] Loobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo ng umaga. At mangungusap sana ako tungkol dun ngayong gabi, at makikipag-usap ako nang puso-sa-puso siguro sa ibang pagkakataon, pero pakiramdam ko’y mas magiging mabuti na ganito, marahil, kita n’yo, kung ’yun ang kalooban ng Panginoon.

232 Ipananalangin ko kayo. Ipanalangin n’yo ako. Huwag—huwag n’yo lang basta sasabihin, “Kapatid na Branham, gagawin ko.” Gawin n’yo talaga! Kita n’yo? Umaasa ako riyon. Ako nga’y nangangailangan ng panalangin, siyanga’t kung maaari Niya akong itulak sa kung saang dako. Tandaan n’yo, isa akong tao, hindi ako Diyos. Isa lamang akong tao na gaya n’yo, nagsusumikap na alamin ang kalooban ng Diyos upang makalakad ako rito. Walang makakaalam hanggang... “Ang nagkukulang ng karunungan ay humingi sa Diyos.” At ’yun ang ginagawa ko, humihingi sa Diyos. At inilalagay ko lamang ’yun sa inyo bilang aking iglesya, isang puso-sa-pusong pakikipag-usap. Ano, nasaan na tayo? Nasaan na kaya tayo? Anong oras na ba ang ginagalawan natin? Nasa huling panahon na tayo, naniniwala ako. Naniniwala akong narito na tayo mismo sa dulo.

233 Ngayon, puwede itong bumaling sa isang gawi o sa kabila. Kaya inyong . . . Alinman sa tapos na ang trabaho ko, o tinatawag ako sa mga pagmimisyon sa ibayo, o alinman sa gagawa Siya ng isang ebanghelista o isang tagakita. Kinakailangang mangyari ang isa sa mga bagay na ’yan, dahil nasa dulo na ako. Hindi ko alam kung anong gagawin. Hindi ko alam kung aling daan ang tatahakin. Maging ang mga pagtitipon na ito, na nalalapit na ako sa mga ito, nananalangin ako, sabi ko, “Panginoon, hindi na ako gagawa ng katulad sa kung ano ako dati. Ang pakikitungo ko rito’y gaya ng ginawa ko noon doon, babalik ako sa ebanghelismong ’yun hanggang sa ipagkaloob Mo sa akin ang pagkatawag na ’yun para sa dapat kong gawin.”

²³⁴ Akin nang—akin nang inihasik ang Binhi sa lahat ng dako, lumaganap na sa buong mundo ang mga teyp, umikot na sa buong mundo ang mga Mensahe ko, alam na ng lahat ng mga iglesya ang tungkol Dito, sa lahat ng dako, at kung ano mismo ang hinirang na Ama ay Kanya ngang tatawagin. Kita n'yo?

²³⁵ At ngayon para bang naging isa Itong masamang bagay sa kanila. Oh, ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman Dito. Hindi, po. Pupunta na lang ako't ipapanalangin ang mga maysakit, at maikling simpleng mensahe na lang ang kalakip dun, at—at titingnan kung saang gawi ako pangungunahan ng Espiritu Santo? Yun po ang nasa isipan ko na gagawin hanggang sa tumawag Siya nang panibago. Dahil hindi alam ng isang tao kung ano ang kanyang gagawin hanggang sa maunawaan mo muna buhat sa Diyos kung ano ang gagawin, hanggang sa makuha mo ang direksyon para sa iyo na patutunguhan.

²³⁶ At ayaw kong—ayaw kong mamalagi na lang sa bahay. Nasa puso ko ang Mensaheng ito. Nangamamatay ang mga tao, tumatalikod, dumadako sa Walang Hanggan. Anong puwede kong gawin? Hayaan n'yong ipangaral ko Ito sa lahat ng dako na magagawa ko, at ipagsabi ang tungkol sa Panginoong Jesus hanggang sa baguhin Niya ang posisyon. Ipanalangin n'yo ako, ipapanalangin ko naman kayo. Umaasa ako na gagawin n'yo 'yun.

²³⁷ Ngayon, alalahanin n'yo ang Miyerkules ng gabi, pagtitipon para sa pananalangin, at gabi ng Biyernes, pagpupulong naman ng kalalakihan. Dito po ba 'yun? Baka pumunta ako para makipagkita sa inyong lahat, sinabi ko na sa inyo na darating ako't magkikita tayo nang Biyernes ng gabi. Sige, pagkatapos sa Linggo ng umaga, loobin ng Panginoon, mangungusap ako tungkol sa *Panggabing Ebanghelismo*, kung loobin ng Panginoon; baka palitan ko, hindi ko alam. Pero 'yun ang iniisip ko ngayon mismo, ang tungkol sa magiging uri ng mga ebanghelista sa panahon ng gabi. At pagkatapos sa Linggo ng gabi, ang palabas po ni Kapatid na Boze, at huwag n'yo pong kalimutan. At ipanalangin n'yo kami, para sa susunod na sanlinggo na hahayo na kami sa bukirin ng pag-aani, loobin ng Panginoon.

Iniiibig n'yo ba Siya? Amen!

Maglilingkod ba kayo sa Kanya? Amen!

Sasampalatayanan n'yo ba Siya? Amen!

Amen! Amen!

Siya ang Ama. Amen!

Siya ang Anak. Amen!

Siya ang Espiritu Santo. Amen!

Amen! Amen!

Umaawit pa rin. Amen!

Amen! Amen! Amen! Amen!

Iniibig n'yo ba Siya? Amen!
Darating na ba Siya? Amen!
Nakahanda na ba kayo? Amen!
 Amen! Amen!

Maaaring ngayong gabi na't, handa na ba kayo? Amen!
Sa kinaumagahan, handa na ba kayo? Amen!
Anumang oras, handa na ba kayo? Amen!
 Amen! Amen!

Umaawit pa rin. Amen!
At humihiyaw pa rin. Amen!
At nananalangin pa rin. Amen!
 Amen! Amen!

Pumarito Ka Panginoong Jesus. Amen!
Ihanda na ang Iyong Iglesya. Amen!
Naghahanda na kami. Amen!
 Amen, Amen!

Gusto nang makita ang aking nanay. Amen!
Gusto nang makita ang aking tatay. Amen!
Gusto ko nang makita ang aking Tagapagligtas. Amen!
 Amen! Amen!

Oh, iniibig n'yo ba Siya? Amen!
Maglilingkod ba kayo sa Kanya? Amen!
Iniibig n'yo ba Siya? Amen!
 Amen! Amen!

²³⁸ Makalangit naming Ama, ito ang aming . . . isang munting *Amen* na awitin. Gustung-gusto namin ang Iyong pagtuturo, na lahat kami'y nagsasabi ng "Amen!" Iniibig namin ang Espiritu, "Amen!" Naniniwala kaming Siya'y darating, "Amen!" Bawat Salita na Iyong binibigkas sa Iyong Biblia, Panginoon, ay inaayunan namin Ito ng may diin na "Amen!" Naniniwala kami sa bawat Salita Nito, itinuturo Ito sadyang sa abot ng aming nalalaman, sadyang sa paraan ng pagkasulat Nito, bawat bantas, bawat gitling, bawat tuldok, bawat kuwit, sa paraan lamang ng pagkasulat Nito, sa abot ng aming nalalaman.

²³⁹ Oh Diyos, ipanauli Mo sa amin, Panginoon. Ipagkaloob po sa amin ang dakilang kasiyahan na aming inaasam, na maririnig namin isang araw ang pagtunog ng mga Anghel habang sila'y umaalingawngaw sa isang koro ng Hallelujah sa mga alapaap, habang magpapakita si Jesus doon at ang Iglesya ay aagawin.

²⁴⁰ Magtatataka ang mga di-mananampalataya, "Anong nangyari, anong nangyayari sa kanila? Saan na sila nagpunta?" Oh Diyos, hindi nila mauunawaan, ni hindi nila Siya makikita. Subalit makikita Siya ng Iglesya, nito ngang, mga tinawag-palabas, ang mga Hirang, ang mga naipanganak nang muli, sila nga'y bigla na lang mawawala. Hindi nila malalaman kung

saan sila naroroon, basta ang alam lang nila'y nawawala sila; makakapiling na nila ang kanilang Panginoon.

²⁴¹ Pagkatapos sa oras na 'yun, Panginoon, hindi ba't kakilakilabot na bagay na maiwan dito, na napagtatanto na natapos na ang panahon ng kaligtasan? Wala nang pagtutubos! Sabi ng Kasulatan, "Ang marumi ay magpakarumi pa, ang masama ay magpakasama pa." Oh, magiging matinding oras 'yun!

²⁴² Kami nawa'y maghanda na ngayon, Panginoon. Magiging kamangha-manghang panahon nga kung maghahanda lamang kami upang salubungin Ka, Ama, at ihanda ang aming mga puso araw-araw. At kung magkamali man kami at mahulog, gaya ng isinulat ng kahabag-habag na kaluluwang ito sa tanong na ito ngayong araw, ipabatid Mo po sa kanila na nililinis ng Dugo ni Jesus Cristo ang lahat ng kasalanan. Hindi sinasadya ng taong 'yun na gawin 'yun, Panginoon. Nagugutom sila't nauuhaw, nagsisikap na makabalik sa pakikisama ng Espiritu. Ibangon Mo po sila, Panginoon. Iangat Mo sila sa ibabaw nitong maularap, na makulimlim na mundo; sa itaas, kung saan makakasikat na muli ang Sinag ng Araw sa kanilang mga kaluluwa. Nahulog sila sa ibaba ng—ng—ng kalawakan ng—ng mga ulap, at nasadlak sila sa putikan, nasadlak sa kasalanan 'yun. Pero namuhay sila nang minsan doon sa itaas sa Liwanag ng Araw. Nais nila—nais nilang makapanumbalik muli, Panginoon. Tanggapin Mo silang muli ngayong gabi, Panginoon. At kung may tao rito na hindi pa kailanman nakasaksi na makaparoon sa itaas, at nalalaman na . . .

²⁴³ Ang lahat ng mga misayl na ito rito at lahat ng mga bagay ay sadyang nakaayon nang eksakto sa Iyong Salita, sadyang eksakto sa paraan na dapat mangyari ang mga bagay-bagay. At nakikita namin ang daigdig ng iglesya kung ano na ang nangyayari sa kanila. Amin—aming nakikita na parang—parang noong panahon mismo ni Noe, kung paano mismo noong panahon ng Sodoma, sadyang eksakto sa kung anong sinabi ni Jesus na magaganap; ang mga malalaking daluyong; kung paano ang lakad at pananamit ng kababaihan, at kung paanong mahihilig sila sa pakikialam sa buhay ng iba, at—at lalakad na gaya sa paglalakad nila, na haya't di-natural at kumekendeng, at ganoon ang ginagawa . . . sadyang eksakto sa sinabi ng propeta. Sadyang kung ano ang sinabi ni Daniel, "Hindi maaaring magkasundo ang bakal at luwad." At, oh, lahat, natupad na po ito, Panginoon. Nasa mismong dulo na kami ng panahon. Tumatalukbong na ang mga anino, Panginoon. Kumikislap na ang mga pulang ilaw, tumutunog na ang mga kuliling.

²⁴⁴ Oh Diyos, itulot Mo pong mapag-unawa ng iyong mga hinirang na malapit nang tumuntong ang Anghel sa lupa at dagat at itaas ang Kanyang mga kamay at magsabi, "Wala nang panahon!"

Oh siyanga, ang hikbi at tangis ay magiging
 masidhi,
 Kapag ang mga nangapahamak ay sinaysayan
 na ng kanilang kapalaran;
 Mapapalahaw sila sa mga bato at mga bundok,
 Mananalangin sila, ngunit pananalangin ay
 huli na pala.

²⁴⁵ Ngayon ang araw ng kaligtasan. “Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya.” Ipagkaloob Mo ito, Panginoon.

²⁴⁶ Nawa’y wala ni isa mang tao na narito ang mawaglit sa araw na ’yun ng Pag-agaw. Mangapuspos nawa kami sa pag-ibig ng Diyos at sa Espiritu ng Diyos hanggang sa kunin kami ng Espiritu Santo kasama ng mga nagsisipaghintay, o maging kami man ay magpapahinga na sa itinalaga para sa amin. Gaya ng sinabi Mo kay Daniel, “Humayo ka, Daniel, sapagkat ikaw ay magpapahinga. Ngunit sa araw na iyon ay tatayo ka sa itinalaga para sa iyo.”

²⁴⁷ Oh Diyos, ang sabi Mo, “Ang mga nagpabalik ng marami . . . mula sa kasalanan patungo sa katuwiran ay higit na magniningnig kaysa sa mga bituwin magpakailanpaman.” Napakadakilang araw! At silang masasama ay itataboy patungo sa kapahamakan. Oh Diyos, ipaunawa mo sa tao ang kanilang kalagayan sa buhay ngayon mismo, upang sila ay bumaling doon sa Isang Matuwid bago pa mahuli ang lahat magpakailanman. Ipagkaloob Mo po, Ama.

²⁴⁸ Ngayon sa pagkakayuko ng ating mga ulo pansumandali, sa pagtatapos na panalangin, mayroon bang isa na nagnanais na maalaala, na magsasabi, “Kapatid na Branham, itinataas ko ang kamay ko, hindi sa iyo kundi sa Diyos. Mahabag nawa ang Diyos sa akin at makaparoon ako sa araw na ’yun, na nahugasan na ng Dugo ng Cordero”? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw, ikaw, ikaw, maraming kamay.

²⁴⁹ Ngayon, Amang Diyos sa Langit, pagpalain Mo ang bawat isa. Nakita Mo ang kanilang mga kamay. Talos mo ang kanilang mga puso.

²⁵⁰ At nalalaman namin, Panginoon, na kami . . . may bagay na nagbabadyang mangyari. Alam ito ng mundo, umaawit sila ng mga awitin, at umaapaw ang mga neurotikong pagpapatawa at mga awitin sa telebisyon. Anong ginagawa nila? Parang munting batang lalaki na sumisipol sa dilim, na papadaan sa isang sementeryo, siyanga’t takot na takot, sinusubukang pakalmahin ang kanyang pagkanerbiyos sa pamamagitan ng pagsipol. Niloloko lang niya ang sarili niya. Ganoon din na ang bansang ito’y patawa-tawa, nagbibiro, nanunudyo, kagaya ng sinabi Nito na darating ang panahon na gagawin nila ang ganoon, “Babaling sa mga kathang-isip mula sa Katotohanan,”

at kung papaanong “sa huling mga araw ay darating ang mga manlilibak at mga mangungutya,” at kung paanong ang mga bagay na ito sa huling panahon, “mga matitigas ang ulo, mga palalo, may anyo ng kabanalan, tumatalikod sa Katotohanan,” at nakikita na namin ito ngayon.

²⁵¹ Oh Diyos, gisingin Mo po ang mga tao! Ipaunawa Mo po sa kanila na maaari silang makatiyak ngayon din na sila’y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay. Kapag tinanggap namin si Cristo, ang Espiritu Santo, sadyang umaangat kami sa ibabaw ng sanlibutan. Kung magkagayon ay alam na naming bumangon na kaming kasama Siya, at hinihintay na lamang namin ang pagbabagong ’yun kung saan mahihinto na ang kamatayan sa mga mortal na rehiyon, ang maliliit na gulong na ito ng mortal na buhay na nagpapairal sa aming mga pandama, ay tutubusin. Oh Diyos! At pagkatapos ay magkakaroon kami ng isang katawang tulad ng sa Kanya at mabubuhay na Magpawalang Hanggang kasama Niya, ang dakilang Lupang pangako, na taglay ang Katunayan.

²⁵² Huwag Mo pong itulot na mapalampas ito ng sinuman, Panginoon. Ang mga nagtaas ng kanilang mga kamay, sila nawa ay matangay (ngayong gabi) patungo sa Kaharian. Maaaring pag-uwi nila, maaaring sabihin ng lalaki sa kanyang maybahay, “Mahal, may tumimo sa akin ngayong gabi”; o sasabihin ng maybahay sa kanyang asawa, “Mahal, ako—ako man ay nakaramdam ng talagang kakaiba.” “Oo, mahal, lumuhod tayo rito sa tabi ng highaan. Hindi pa natin nagagawa ito dati, pero manalangin tayo ngayong gabi. Hilingin natin sa Diyos na mahabag sa atin at tipunin tayo. Mahal kita, mahal ko.”

²⁵³ At ang—ang isa, sasabihin ng lalaki sa babae, at gaano nga nila kamahal ang isa’t isa, “Nais kong—kong—kong makasama ka sa Langit. Ayaw ko itong mapalampas. At balang araw kapag tinanggap na tayo sa Tahanan at hahawakan kita sa braso at lalakad doon sa malalaking pasilyo at mga hardin ng Walang Hanggan, kung saan ang kordero at—at ang leon ay magkasamang nahihimlay, at ang lobo at ang—ang baka ay magkasamang nahihimlay. At hindi na magkakaroon pa ng kamatayan at wala nang kalungkutan. At habang naglalakad tayo roon at pinupuno ng mga awitin ang kapaligiran, ng mga Anghel, ang mga koro ay nasa itaas natin, habang malugod tayong tinatanggap ng mga Anghel sa ating Tahanan, gusto kitang makasama roon, mahal. Minamahal—minamahal kita. Tumatanda ka man, naaalala kita noong pinakasalan kita, ang iyong marikit na maliit na mukha.” “At—at ikaw naman, at naaalala kita, mahal, noong ikaw ay isang guwapong binata.”

²⁵⁴ Anupa’t ang lahat ng ito’y ipanunumbalik. Siya na gumuhit ng iyong magandang mukha noon ay taglay itong—itong dibuho nito sa Kanyang isipan. Kaya Niyang iguhit itong muli sa dako roon kung saan hindi na ito kukupas. Oh Diyos, itulot Mo

pong malaman ng mga tao na hindi ito isang kathang-isip na panaginip, kundi ito'y isang—isang Katotohanan, at Diyos, ang Espiritu Santo, ay narito upang magpatotoo. Binigkas ng Kanyang Salita sa pagtugaygay ng mga kapanahunan ang tungkol dito. Itulot Mo po na balikan namin at tingnan, basahin ang aming kasaysayan. At ang sinumang tao na nagtagumpay sa lupa ay mga tao, taong may takot sa Diyos, maging sa aming mga Presidente gaya nina Washington, Lincoln, at iba pa, mga *Josue*, at—at mismong. . . mga *Moises*, at sila na mga. . . Ang mga dakilang tao sa mundo ay mga taong naniwala roon, at sinelyuhan ang kanilang patotoo, at naghihintay roon para sa pagkabuhay na mag-uli na 'yun. Nasa amin ang mga unang bunga nito, ang Katibayan.

²⁵⁵ Idinadalangin ko ngayon na sa pamamagitan ng aking panalangin ay tatanggapin Mo ang mga taong ito sampu ng kanilang panalangin at dadalhin sila sa Kaharian. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²⁵⁶ Pagpalain kayo ng Diyos, na maging sagana sa habag sa inyo, paliwanagin ang Kanyang mukha sa inyo, at ingatan kayo, at pagpalain kayo sa lahat ng mga pagpapalang Makalangit.

²⁵⁷ Ngayon sinasabi ko ito, hindi sa kalupitan, kundi sa pag-ibig. Dalangin ko na kayong mga di-nakakakilala sa Kanya, na ang unan n'yo ay maging napakatigas na hindi kayo mismo makatulog, ang pagkain n'yo ay masira ang lasa hanggang sa hindi n'yo maatim na kumain, hanggang sa tumabi kayo sa isang dako at magsasabi, "Panginoon, mahabag Ka po sa akin." Hindi 'yan paghahangad ng anumang masama sa inyo. Para po 'yan sa ikabubuti n'yo, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Dalangin ko nga mismo na magkagayon para sa inyo.

Until we meet! till we meet!
 Till we meet at Jesus' feet; (Till we meet!)
 Till we meet! till we meet!
 God be with you till we meet again!
 God be with you till we meet again!
 By His counsel guide, uphold you,
 Smite the threatening waves before you;
 God be with you till we meet. . .

²⁵⁸ Ngayon para sa alaala ng kahapon, makipagkamay tayo sa kaninuman ngayon.

Till we . . .

Panginoong Jesus, gawing. . .? . . . maigi, alisin ang impeksyon at pagkalooban siya ng kagalingan, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus.

Till we meet at Jesus' feet; (Till we meet!)
 Till we. . .? . . .

Till we . . .
 . . . at Jesus' . . .

259 Naaalala n'yo ba na inaawit natin noon ang mga awiting 'yan? Ating . . . At itong isa pa na inaawit natin noong araw, matagal na panahon na ang mga nakalipas, hindi ko alam kung mayroon man dito o wala, na noong araw ay nagkakapit-kamay tayo sa palibot ng isang lumang kalan dito, at lupa pa ang sahig. Naaalala n'yo pa ba? Inaawit natin:

We're marching to Zion,
 Beautiful, beautiful Zion;
 We're marching upward to Zion,
 That beautiful City of God.

260 Alam n'yo ba sa Milenyum kung magiging ano ang Zion? Magkakaroon ng isang Liwanag sa Zion, at ito'y magiging lilim mula sa araw sa umaga at isang Liwanag naman sa gabi, dahil wala nang gabi roon. Oh, grabe!

The fields of Zion yield
 A thousand sacred sweets
 Before we reach that Heavenly Throne,
 Before we reach that Heavenly Throne,
 Or walk the golden streets,
 Or walk the golden streets.

Sabay-sabay ngayon:

We're marching to Zion,
 Oh, beautiful, beautiful Zion;
 We're marching upward to Zion,
 That beautiful City of God.

261 Sadyang gustong-gusto ko 'yan, sadyang naisip kong napakaganda nito. Ngayon, hindi ba't gusto n'yo ang mga makalumang awitin na 'yun? Sa tingin ko'y lalo pang higit na maganda ito kaysa sa taga-tagang kung ano na mayroon tayo sa panahong ito na tinatawag nila na mga awitin. Talagang gustong-gusto ko 'yun. At noong araw ay inaawit ko ang isang lumang awitin sa simbahan, naaalala n'yo:

Lugar, lugar, oo, may lugar,
 May lugar sa Bukal para sa iyo.

262 Oh, grabe! Ang magagandang, lumang mga awitin, naniniwala akong ginabayan ng Espiritu Santo ang panulat, na sumulat sa mga awiting 'yun.

Ang mas mapalapit, aking Diyos, sa Iyo, ang
 mas mapalapit sa Iyo!
 Maging ito man ang krus na sa aki'y nag-ahon.

263 Hayan nga, si Charles Wesley at sila na mga dakilang may-akda na sumulat ng mga awiting tulad nun, sila na mga makata. Kay ganda nito, sadyang sa tingin ko'y napakahuhusay ng mga ito. At noong araw ating . . . Naaalala n'yo 'yun:

Oh Lupain ng Beulah, matimyas na Lupain ng
Beulah,
Sa pinakamatayog na bundok ako'y nakatayo,
Ako'y nakatanaw sa karagatan sa ibayo,
Sa dako na naghanda Ka ng mga mansyon para
sa 'kin.

²⁶⁴ Naaalala n'yo pa ba 'yung unang pagkakataon na nagpakita ang Anghel ng Panginoon doon sa ilog? Inaawit natin:

Sa maalon na pampang ng Jordan ako'y
nakatindig,
At mata'y nakatingin na may pagmimithi,
Sa Canaan na maaliwalas at masayang lupain,
Kung saan nakalagak ang aking mga pag-aari.

Patungo ako roon sa pangakong lupain,
Sinong pupunta't sasama sa akin?
Ang pangakong lupain ay akin ngang
tutunguhin.

²⁶⁵ Habang inaawit natin 'yun, isang Tinig ang sumigaw mula sa langit, at heto ang dakilang Haligi ng Apoy na 'yun na umiikot pababa at ang sabi, "Kung paanong isinugo si Juan Bautista upang ipakilala ang Kanyang unang pagparito, mayroon kang isang Mensahe na paunang ipakikilala ang Ikalawa." Tingnan n'yo kung saan na ito nakarating. Tatlumpu't isang taon na ang nakalipas. Tingnan n'yo kung saan na ito nakarating mula noon, sa buong mundo sa isang apoy ng rebaybal. At ngayon nakikita nating lumalamig na ito. Malapit na ang oras.

²⁶⁶ Iyuko po natin ang ating mga ulo ngayon, habang inaalala ang lahat ng mga pabatid.

²⁶⁷ Dakilang Pastol ng kawan, na inaasahan naming darating balang araw, nanabik ang mga puso namin para sa oras na 'yun kung kailan makikita na namin Siya. Isang araw ay naparoon Ka sa bundok at tinuruan Mo ang Iyong bayan, sinabi Mo, "Manalangin kayo nang ganito:"

Ama namin Na nasa Langit, sambahin nawa
ang Pangalan Mo.

Dumating nawa ang Kaharian Mo. Masunod
nawa ang kalooban Mo sa lupa, kung paano
sa Langit.

Bigyan Mo kami ngayon ng aming pagkain sa
araw-araw.

At patawarin Mo kami sa aming mga
pagsalangsang, gaya rin namin na
nagpapatawad sa mga sumasalangsang
laban sa amin.

At huwag Mo kaming dalhin sa tukso, kundi
iligtas Mo kami sa masama; sapagka't Iyo

ang Kaharian, at ang kapangyarihan, at ang
kaluwalhatian, magpakailan man. Amen.

²⁶⁸ Ang sabi ng Biblia, “At umawit sila ng isang himno at humayo.”

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet! (How sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven.

²⁶⁹ Hindi ba’t ang ganda sa pakinig? Minsan kong sasaysayin, haya’t isa po rito at doon, at pakinggan n’yo itong muli sa pag-awit natin:

Yumuyuko sa Jesus na Pangalan,
Nagpapatirapa sa Kanyang paanan, (Kita
n’yo?)

Hari ng mga hari sa Kalangitan Siya’y ating
puputungan,

Kapag ang lakbayin natin ay natapos na.

Oh, hindi ba’t ang ganda nun? Tingnan pa natin:

Ang Pangalan ni Jesus ay dalhin mo,
Bilang Kalasag sa bawat silo;
Kapag naliligiran ka ng mga tukso,
Sambitin yaring Banal na Pangalan sa
panalangin mo. (Kita n’yo?)

Oh napakayamang Pangalan! Awitin natin ito:

Take the Name of Jesus with you,
As a Shield from every snare;
When temptations round you gather,
Breathe that Holy Name in prayer.

Oh precious Name, (Precious Name!) O how
sweet! (O how sweet!)

The hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet! (How sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven.

²⁷⁰ Ngayon, maaari lamang na iyuko natin ang ating mga ulo, pauwiin na ng ating pastor ang kongregasyon sa panalangin. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville.



MGA TANONG AT MGA SAGOT TAG62-0527
(Questions and Answers)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Mayo 27, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org